

Ang Bayan Ngayon Compilation

Ang Bayan

July 2023

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang opisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampolitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

Table of Contents

Kawalang-katarungan at gutom ang sinapit ng mga biktima ng “gera kontra-droga”.....	7
Marcos Jr, walang kongkretong tugon sa hinaing ng mga kawani.....	9
Jeepney phaseout, iniraratsada ng ADB at mga Duterte sa Davao.....	11
Mga paglabag sa karapatang-tao sa Pilipinas, muling idinulog sa UNHRC.....	12
Pagpatay ng pulis sa 17-taong gulang, nagpasiklab ng protesta sa France.....	14
4 na magtutubo sa Batangas, inaresto ng pulis	16
Bilanggong pulitikal mula Negros, nakalaya na	17
Martsa kontra dam, inilunsad sa Laguna.....	18
Ikalawang serye ng Cope Thunder, inilunsad ng pwersang panghimpapawid ng US at Pilipinas	20
Mga kampo militar sa kanayunan, salot sa mamamayan.....	21
ATL, muling kinundena sa ikatlong taon nito. .	23
Duterte, kinastigo sa gastos ng kanyang upisina	25
Petisyon para sa writ of habeas corpus ng Taytay 2, inihapag.....	27

2 linggong protestang manggagawa, nagpapatuloy sa Korea.....	28
2 war games, magkasabay na inilulunsad ng US sa Pilipinas.....	30
Pekeng konsultasyon ng LTFRB, kinundena....	31
Ugat ng tangkang panghahalay sa UPD, kakulangang ng badyet.....	33
Operasyong harasment, inilunsad ng BHB- Agusan del Sur.....	34
Department of National Defense, tinuligsa ng mga abugado.....	35
Mga sinisanteng manggagawa ng Jollibee sa US, nagprotesta.....	38
Pagpapasabog ng mga rocket ng US at Pilipinas sa Nueva Ecija, perwisyo sa mamamayan.....	41
Trabahong part-time, lalong dumami sa ilalim ni Marcos Jr.....	43
Waldaserong Coast Guard, bumili ng mga sasakyang pangmayaman.....	45
Cybercrime, tumaas nang 152% sa kabila ng SIM Card Registration.....	46
Mga samahang maralita sa Negros Occidental, ginigipit ng militar.....	48
Pilipinas, suki ng kriminal na kumpanyang Elbit System.....	49

Kawalang-aksyon ni Marcos sa panghihimasok ng China sa West Philippine Sea, binatikos.....	54
Koalisyon laban sa APEC Summit sa Nobyembre, itinatag sa US.....	56
Operasyong haras at demolisyon, isinagawa ng BHB-Sorsogon.....	58
Pagtatalagang “terorista” sa anim na indibidwal, kinundena.....	60
Barikada sa Valenzuela, marahas na dinemolish ng kapulisan.....	62
Hustisya, sigaw ng mga migranteng biktima ng iligal na rekrutment.....	63
Konstruksyon ng coastal road sa Sorsogon, pinaimbestigahan ng mga mangangisda.....	66
Pulis at militar, inutusan ng korte na ilitaw ang 2 dinukot na aktibista.....	68
Mga artista at manggagawa sa Hollywood, nagwelga.....	69
Manggagawang pangkalusugan at kabataang boluntir, inaresto ng 85th IB sa Quezon.....	71
Tatlong mamamahayag, dinahas ng pulis habang nag-uulat.....	72
US, nagpadala ng ipinagbabawal na cluster bombs sa Ukraine.....	74
Limang magsasaka, binugbog ng 62nd IB sa Canlaon City.....	76

Manggagawang pangkalusugan ng RITM, nagprotesta.....	78
US, nanunulsol ng gerang nukleyar sa Korea..	80
ICC, ibinasura ang apela ng rehimeng Marcos kaugnay ng imbestigasyon sa “gera kontra- droga”.....	81
Marcos, inulan ng batikos sa tusong pagpirma sa Maharlika Bill.....	83
Militarisadong komunidad sa Kalinga, hinatiran ng tulong ng mga grupo.....	85
Walang-awat na aerial bombing sa kanayunan, binatikos ng mga grupo.....	87
Kaso para bawiin ang ₱1.05 bilyong nakaw na yaman ni Marcos Sr, ibinasura ng Korte Suprema.....	89
4,000 manggagawa ng dayuhang mga pabrika sa Cebu, sinisante.....	90
Grupo ng mga estudyante, naghapag ng pusisyon laban sa pagtaas ng matrikula sa CHED.....	93
Opereytor ng mga trak, umalma sa matarik na pagtaas ng toll fee.....	94
NDF-Rizal, binatikos ang Wawa-Violago Dam sa harap ng pagguho sa Antipolo City.....	96
Bayad-utang, dumoble sa ilalim ng rehimeng Marcos.....	98

Lalamove drivers, nagstrike.....	100
Katutubong Mangyan, dinukot at tinortyur ng 4th IB.....	102
Nasamsam ng militar na armas ng BHB sa Negros Occidental, palabas ng 79th IB.....	104
64 milyong Pilipino, pinagkaitan ng serbisyong telekomunikasyon dulot ng SIM Card Registration Law.....	106
Kabi-kabilang panggigipit, naranasan ng mga estudyante.....	107
Mga detenidong pulitikal sa Negros at Metro Manila, nag-ayuno bilang protesta kasabay ng SONA ni Marcos Jr.....	109
Patakarán sa mga migrante, kabaliktaran sa nakasaad sa SONA ni Marcos.....	111
Close to 100,000 Filipino fall victim to human rights violations in Marcos first year.....	113
Ikalawang kongreso ng Christians for National Liberation-Negros, inilunsad.....	115
Aktibistang pamilyang de la Cerna, nakalaya matapos magpyansa.....	117
Kaso laban kay Nasino at 2 pa, tuluyan nang ibinasura.....	118
Libu-libo, naprotesta sa ikalawang SONA ni Marcos Jr.....	120
Marcos holds peace in contempt.....	122

Mga Moro, nanawagang pauwiin na sila sa Marawi City.....	124
Sugatang Pulang mandirigma, isa pang sibilyan, pinaslang ng 62nd IB.....	125
Alok na amnestiya ni Marcos Jr, tinanggihan ng BHB sa Southern Tagalog.....	127
Tropa ng 62nd IB, pinatamaan ng BHB-Central Negros.....	129
Comelec, nilabag ang sariling proseso sa dinayang eleksiyong 2022.....	130
Ulat sa autopsy sa labi ni Ericson Acosta, ipinrisenta.....	132
Bakanteng mga pusisyon ng manggagawang pangkalusugan ng PGH, dapat punan.....	134
Gawa-gawang mga kaso, isinampa laban sa aktibista sa Batangas.....	136

Kawalang-katarungan at gutom ang sinapit ng mga biktima ng “gera kontra-droga”

Hulyo 1, 2023

Gutom sa katarungan at gutom na sikmura ang sinapit ng mga pamilya ng biktima ng huwad na “gera kontra-droga” ng nagdaang rehimeng Duterte sa unang taon ng panunungkulan ni Ferdinand Marcos Jr.

“Ito ang kalagayan naming mga pamilya ng biktima ng war on drugs,” pahayag ng mga ina ng pinaslang na mga biktima. Anila, mas pinipili ni Marcos na magsaya sa kanyang paglalakbay sa iba’t ibang bansa imbis na harapin at solusyunan ang may kinalaman sa pagkain, kabuhayan at katarungan ng mamamayang naghihirap.

Wala pa ring naaninag na katarungan ang mga pamilya. “Walang suporta si Marcos Jr sa panig naming mga pamilyang naulila,” anila. “Bagkus ay hinahadlangan pa ng (kanyang) gubyerno ang imbestigasyon ng International Criminal Court (ICC) na pag-asa naming mga pamilya ng biktima kasabay ng aming sama-samang pagkilos para ipanawagan ang katarungan.”

Katunayan, ipinagpapatuloy lamang ni Marcos ang madugo at kriminal na gera kontra-droga ng rehimeng Duterte. Ayon sa DahasPh, ang proyektong nagsusubaybay sa bilang ng mga biktima, mahigit 300 ang pinaslang sa ngalan ng “gera” na ito sa loob ng unang taon ni Marcos sa panunungkulan.

Samantala, gutom na sikmura rin ang nararanasan ng mga pamilya dahil sa kawalang trabaho at kakarampot na kita ng mga naulila na kalakhan ay maralita.

“Lalong naghihikahos kaming mga maralita,” anila. “Dagdag pa dito ang tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilingin na hindi mabigyan ng solusyon ng pamahalaan dahil ang mga negosyanteng kasabwat ng pangulo ang silang nakikinabang sa ganitong kalakalan.”

Marcos Jr, walang kongkretong tugon sa hinaing ng mga kawani

Hulyo 1, 2023

Binatikos ng mga kawani ng gubyrerno ang administrasyong Marcos Jr sa kawalan ng kongkretong tugon sa hinaing ng kanilang sektor sa nagdaang taon. Tinawag nilang “lip service” at “tokenismo” ang mga pahayag ni Marcos kaugnay sa kanila. Walang pinag-iba, at lalo pang lumubha ang kalagayan ng mga kawani sa ilalim ng rehimen, anila.

“Walang kongkretong patakaran para sa mga manggagawa sa pampublikong sektor,” pahayag ng unyong Courage (Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees) kaugnay sa unang taon ni Marcos Jr sa poder.

Hindi tinugunan ng rehimen ang panawagan nilang dagdag-sahod sa harap ng tumitinding krisis at sa halip ay pinag-ibayo pa ang pagpapatupad ng neoliberal at tagibang na mga patakaran sa sahod tulad ng Salary Standardization Law V at ang Executive Order 150.

Anang grupo, nakatatanggap ng pinakamababang buwanang sahod na ₱13,000 ang isang kawani, at sa iba pa nga ay ₱7,000 kada buwan. Anila, malayong-malayo ito sa halaga ng nakabubuhay na sahod na ₱33,000 kada buwan para sa isang pamilyang may limang myembro.

“Higit dalawang dekada na ring nakapako sa ₱2,000 kada buwan ang Personnel Economic Relief Allowance (PERA),” ayon sa grupo. Napakaliit at kulang na kulang din ang benepisyong tinatanggap ng sektor.

Liban dito, inireklamo ng Courage ang laganap na kontraktwalisasyon sa lahat ng ahensya ng gubyerno. Hindi bababa sa 700,000 kawani ang kontraktwal at hindi nakatatanggap ng karampatang mga benepisyo at walang katiyakan sa trabaho. “Walang umiiral na batas para sa buong pagkilala sa karapatan sa pag-uunyon ng mga kawani,” giit pa ng Courage.

Kumakaharap din ang mga kawani ng gubyerno sa patakarang “rightsizing o downsizing” ng burukrasya kung saan itinutulak ang maramihang tanggalan. Maraming kawani ang palagiang nangagambang matanggal sa trabaho tuwing nagtatapos ang kanilang mga kontrata sa gubyerno, kahit pa matagal na silang empleyado.

Batikos ng Courage, napakaraming pondong inilalaan sa Maharlika Investment Fund at iba pang paglulustay ng rehimeng Marcos Jr, pero napakaliit naman ng para sa sarili nitong mga kawani. “Kapag nagreklamo naman ang mga kawani, sila ay nire-redtag, hinaharas at pinanghihimasukan ang kanilang mga unyon,” ayon sa grupo.

Sa kasalukuyan, apat na kawaning unyonista ang patuloy na nakakulong sa gawa-gawang mga kaso.

Jeepney phaseout, iniraratsada ng ADB at mga Duterte sa Davao

Hulyo 2, 2023

Habang pansamantalang naipagpaliban ang pakanang jeepney phaseout sa Metro Manila, todo na itong ipatutupad sa Davao City. Noong Hunyo 29, pormal nang ibinigay ng Asian Development Bank ang \$1 bilyon utang para sa Davao Public Transport Modernization Project, isang proyektong mag-aangkat ng 1,100 bus na magiging pamalit sa mga tradisyunal na dyip.

Ginamit ng ADB na dahilan ang kunwa'y pagbabawas ng carbon emission para makabenta ng mga dayuhang bus, kabilang ang mga electric bus (e-bus). Sa ngalan ng modernisasyon, tatanggalan ng prangkisa ang tradisyunal na mga dyip sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga ruta nito mula 120 tungong 30. Kokopohin ng mga "modernong bus," ang matitirang mga ruta kung saan itatayo ang 1,000 bus stop. Ang mga bus ay patatakbuhan ng mga korporasyon, na maggagawad ng mga kontrata sa mga tsuper.

Sa aktwal, ang programang ito ay lokal na bersyon ng jeepney modernization program, na inilako at itinulak ng dating presidente na si Rodrigo Duterte, ama ng kasalukuyang meyor ng syudad na si Sebastian Duterte. Sinimulan ang proyekto noong meyor pa ng syudad si Sara Duterte.

Tulad sa pambansang programa, papatayin ng proyekto ang kabuhayan ng drayber ng dyip. Hindi bababa sa 7,000 drayber sa Davao City and

mawawalan ng hanapbuhay. Walang pupuntahan ang halos 6,000 drayber dahil mahigit 1,000 lamang na bus ang patatakbuhan sa ilalim nito. Mawawalan din ng prangkisa ang maliliit na opereytor dahil wala silang kakayahang bumuo ng mga kooperatiba o bumili ng mamamahaling modernong bus.

Mga paglabag sa karapatang-tao sa Pilipinas, muling idinulog sa UNHRC

Hulyo 2, 2023

Muling inihapag ng iba't ibang mga grupo ang talaan ng mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa Pilipinas sa nagdaang mga buwan sa ika-53 pulong ng United Nations Human Rights Council (UNHRC). Nagpunta ang mga kinatawan ng Philippine Universal Periodic Review (UPR) Watch sa Geneva, Switzerland noong Hulyo 1 para makipagdayalogo sa mga Special Rapporteur ng UNHRC.

Kabilang sa lumahok sa dayalogo ang Center for Environmental Concerns, Coalition for People's Right to Health, Council for Health and Development, IBON Foundation, Kilusang Mayo Uno, at National Union of Peoples' Lawyers. Inihayag nila sa mga special rapporteur ang mga isyung kinaharap ng mga Pilipino tulad ng pisikal at mental na kalusugan, pagtataguyod at pangangalaga sa karapatang-tao sa konteksto ng climate change at ang independesya ng mga huwes at abugado sa bansa.

Kabilang din sa tinalakay ng mga grupo ang mga kaso ng sapilitang pagkawala o desaparecido sa Pilipinas, ekstra-hudisyal, sadya at arbitraryong mga pagpatay, kalayaan sa mapayapang pagtitipon at asosasyon, at iba pang mga batayang karapatang-tao.

“Lampas sa mga palabas at retorika ng administrasyong Marcos Jr, muli kaming dumudulog sa UN para papanagutin ang nasa kapangyarihan,” ayon kay NUPL chairperson at co-head ng delegasyon na si Atty. Edre Olalia.

Isang taon na sa poder ang rehimeng Marcos Jr at tatlong buwan mula nang tanggapin ng guberno ng Pilipinas ang piling mga rekomendasyon ng mga kasapi ng UN matapos isagawa ang ika-4 na Cycle ng UPR.

Sa panahong ito, ayon sa mga delegado, walang naging pag-usad sa pagtugon sa mga paglabag sa sibil at pampulitikang karapatan sa bansa. Inihayag din ng delegasyon ang matagal nang mga suliranin tulad ng mababang sahod at seguridad sa trabaho, walang katiyakan at delikadong trabaho, kahirapan at hindi pagkakapantay-pantay, malubhang kalusugan at pangit na mga serbisyo, at mga susing usapin sa kalikasan at climate change.

Ayon kay Atty. Olalia, ang mga pang-aatakeng kinakaharap ng iba’t ibang sektor sa Pilipinas ay “nagtutulak sa kanila na walang-pagod na ipahayag ang hinaing sa internasyunal na komunidad at hilingin na bigyang pansin nila ang mga kundisyong lumalabag sa mga balangkas ng

karapatang-tao at nagpapahintulot na umiral ang in hustisya” sa bansa.

Pagpatay ng pulis sa 17-taong gulang, nagpasiklab ng protesta sa France

Hulyo 3, 2023

Pumasok na sa panlimang araw ang mga protesta sa France. Sumiklab ang galit ng mamamayang French matapos barilin nang malapitan ng isang pulis noong Hunyo 27 ang 17-taong gulang na si Nahel M sa Nanterre, Paris, kabisera ng bansa. Sa bidyo na kuha ng isang saksi, nakitang pinahinto ng isang pulis si Nahel na nagmamaneho ng kanyang sasakyan. Matapos ng maiksing pag-uusap, pinaandar ni Nahel ang kanyang kotse at doon na siya binaril. Namatay siya sa tama ng bala sa kanyang dibdib at kaliwang braso. Si Nahel ay isang kabataang may dugong Algerian at Moroccan.

Pilit pinagtakpan ng pulis ang krimen sa pagsasabing tinangka ni Nahel na managasa ng pulis. Ang pagsisinungaling na ito ang nagpasiklab sa galit ng kanyaang komunidad at iba pang sektor sa bansa, na naniniwalang kung wala ang bidyo ng saksi, ilalako ng mga pulis ang kanilang bersyon ng pangyayari para takasan ang krimen.

Dahil dito, sumabog ang deka-dekada nang galit ng maraming French laban sa malalim na rasismo, brutalidad ng mga pulis at pasismo ng estadong France. Inilarawan nila ang gubyernong Macron bilang “lutang sa realidad” laluna sa kahirapang dinaranas ng ordinaryong mamamayan.

Kamakailan lamang, nagkaroon din ng matatagal at matitinding protesta laban sa mga reporma sa pensyon ng mga manggagawa na iniratsada ng gubyernong Macron sa kabila ng pagtutol ng mamamayan.

Inihahalintulad ngayon ang pagpatay kay Nahel sa pagpatay ng mga pulis kay George Floyd sa US, na nagpasiklab sa kilusang Black Lives Matter. Huling nagkaroon ng katulad na pagsiklab sa France noong 2005, nang makuryente ang dalawang kabataan matapos sila habulin ng mga pulis.

Unang sumiklab ang pinakahuling mga protesta sa Nanterre, kung saan karamihan sa mga residente ay manggagawa. Sa susunod na mga araw, lalong dumami ang nagprotesta sa Nanterre, at nagsimulang kumalat sa ibang lugar sa Paris at sa iba pang mayor na syudad ng bansa. Sinilaban nila ang mga kotse, mall, groseri at mga bangko. Tinatayang umabot sa \$109 milyon ang nasirang ari-arian.

Ang malalim at matinding galit ng mga French, laluna ng kabataan, ay sinagot ng karahasan ng gubyernong Macron. Umaabot sa 45,000 mga pulis at special forces sakay sa mga armored vehicle at helikopter, ang itinambak nito sa mga komunidad ng Nanterre at iba pang lugar ng Paris, gayundin sa Marseille, Nice at Strasbourg.

Mahigit 1,300 indibidwal ang inaresto ng estadong French noong Hulyo 2, dagdag sa 875 na inaresto sa nakaraang araw. Ipinagbawal ng mga lokal na upisyal ang mga protesta, ipinatigil ang

pagtakbo ng mga tren sa gabi at ipinataw ang mga curfew.

4 na magtutubo sa Batangas, inaresto ng pulis

Hulyo 4, 2023

Inaresto ng mga pulis nang walang mandamyento de aresto ang apat na magtutubo na kasapi ng Pagkakaisa ng Manggagawang Bukid sa Tubuhan (PAMATU) sa Barangay Tumulim, Nasugbu, Batangas nitong Miyerkules, Hulyo 3. Iniulat ang naturang insidente ng grupong Sugarfolks' Unity for Genuine Agricultural Reform (SUGAR) - Batangas kahapon.

Ayon sa SUGAR-Batangas, ang apat na biktima ay sina Felix Cailing Diraya, 53 taong gulang, Francis Joshua Diraya (20), Efren Panganiban (51), at Lanie Villa Diraya (48). Isa sa apat ay kinilalang pangulo ng Pamatu-Tumulim.

Iligal na inaresto ang apat na mga magtutubo sang-ayon sa kasong 'Diraya vs Evangelista' kaugnay ng karapatan sa paggawa at panirikan sa lupa na nakasampa sa Department of Agrarian Reform (DAR) at Nasugbu Municipal Trial Court (Nasugbu MTC).

"Iligal na dinampot ng Philippine National Police-Nasugbu sa tulungan ng pamilyang Evangelista ang apat kahit walang court order o warrant na inisyu para rine," ayon sa SUGAR-Batangas.

Giit ng grupo, kinakamkam ng pamilyang Evangelista ang lupa at pilit na pinalalayas ang

mga lokal na manggagawang bukid. Paliwanag nila, nakapagsumite ng “motion to dismiss” kaugnay ng kaso ang mga Diraya sa municipal trial court ngunit wala pa itong resolusyon.

Kindunena ng grupong SUGAR ang iligal na pagdampot ng pulis sa mga kapwa nila magtutubo sa Barangay Tumulim. Anila, dapat kagyat na palayain ang apat na inaresto at kilalanin ang kanilang mga karapatan.

Bilanggong pulitikal mula Negros, nakalaya na

Hulyo 4, 2023

Nakalaya na si Ge-Ann Perez noong Hunyo 30 mula sa apat na taong pagkakakulong sa Taguig City Jail Female Dorm, Camp Bagong Diwa, Bicutan, Taguig City. Si Perez ay inaresto, kasama ang mag-asawang sina Fr. Frank Fernandez at Cleofe Lagtapon, noong Marso 24, 2019 sa Liliw, Laguna.

Ibinasura ang gawa-gawang mga kasong illegal possession of firearms, illegal possession of explosives at paglabag sa COMELEC gun ban laban kay Perez.

Nang damputin ang tatlo, pinalalabas ng estado na nasamsam sa kanila ang tatlong kalibre .45 pistola, tatlong magasin at mga bala, at tatlong granada.

Habang pinalaya si Perez, hinatulan naman na maysala ang matandang mag-asawang Fernandez sa kasong illegal possession of firearms habang

napawalang-sala sila sa mga kaso ng illegal possession of explosives at COMELEC gun ban.

Ayon kay Fides Lim, tagapagsalita ng grupong Kapatid, “labis ang saya ni Perez nang makalabas mula sa kanyang apat na taong pagkakapiit.” Sinalubong ng grupo si Perez ng mahigpit na yakap at pagpupugay.

Kasabay nito, binatikos ni Lim ang hatol sa mag-asawang Fernandez sa parehong kasong kinaharap ni Perez. Aniya, tiyak na iaapela ng kanilang mga abugado ang hatol.

Ibinahagi din ni Lim na planong bumalik ni Perez sa kanyang pamilya sa Cebu sa tulong ng International Committee of the Red Cross pagkatapos ng labis na naantalang tsek-ap sa Philippine General Hospital.

Martsa kontra dam, inilunsad sa Laguna

Hulyo 4, 2023

Nagmartsa ang mga residente ng Pakil, Laguna sa sentro ng bayan noong Hulyo 1 para ipabatid ang kanilang pagtutol sa mga proyektong Ahunan at Belisama Hydropower sa kanilang bayan. Itatayo ang Ahunan Dam sa Bundok Ping-as, na matatagpuan sa naturang bayan. Ang pagkilos ay kasunod ng porum at konsultasyon sa parehong araw na pinangunahan ng Mamamayang Nagmamahal sa Pakil (Manapak).

Nagtipon ang mga residente, taong-simbahan at mga grupong maka-kalikasan para buuin ang

kanilang pagkakaisa laban sa mga proyektong dam. Kaisa ng Manapak ang Laguna Ecumenical Movement, Diocese of San Pablo at Caritas Manila, Tanglaw Laguna, Iglesia Filipina Independiente, Concerned Artists of the Philippines, Gabriela, Commission on Human Rights, National Commission for Culture and Arts, at Center for Environmental Concerns, ayon kay Teresa Saldaña Sanchez, isa sa mga lider ng Manapak.

Inilunsad nila ang porum sa Saint Peter of Alcantara Parish Church sa bayan ng Pakil. Isinalaysay ng mga residente sa pagtitipon ang mga epekto sa kalikasan, kabuhayan at kultura ng mga taga-Pakil ng itinatayong Ahunan at Belisama Hydropower Project. "Ngayon ay panahon para tumutol at magkaisa na pigilan ang pagtatayo ng dambuhalang Ahunan at Belisama dams at proteksiyunan ang kabundukan ng Sierra Madre," ayon kay Sanchez.

Aniya, kailangang maagapan ang nakaambang panganib sa buhay sa potensyal na pagguho ng lupa at pagbaha. Dapat din umanong maproteksyunan ang banta ng pagkasira ng kalikasan, paglihis o pagkatuyo ng mga bukal ng tubig, at mapangalagaan ang mga halaman at hayop sa naturang bundok. Dagdag pa ni Sanchez, liban sa pangangalaga sa kalikasan ay dapat ipagtanggol ang karapatang-tao at karapatan ng mga katutubo sa kanilang lupang ninuno.

Sa ulat ng alternatibong midya, ipinahayag din ni Engr. Vernon Edward Valero, residente ng Pakil, ang magiging malaking banta ng proyekto sa mga

residenteng naninirahan sa paanan ng bundok at buong bayan. Paliwanag pa niya, mataas ang banta ng pagguho ng lupa sa bayan ng Pakil batay sa naunang mga pag-aaral ng guberno.

Ang naturang proyekto ay pinangangasiwaan ng Ahunan Power Inc, isang joint venture ng kumpanyang Prime Metro Power Holdings Corp ni Enrique Razon at ng JBD Water Power Inc. Ang proyekto ay isang 1,400-megawatt pumped-storage hydropower at may kabuuang kargang 13.6 million cubic meters ng tubig.

Ikalawang serye ng Cope Thunder, inilunsad ng pwersang panghimpapawid ng US at Pilipinas

Hulyo 5, 2023

Nagsimula noong Hulyo 2 at tatakbo hanggang Hulyo 21 ang ikalawang serye ng Cope Thunder, war game na nilalahukan ng Philippine Air Force (PAF) at US Air Force sa bansa. Hindi bababa sa 225 ang kabuuang bilang ng mga sundalo ng US at Pilipinas ang lalahok sa naturang ehersisyong militar.

Ang Cope Thunder ay itinulak ng US Pacific Air Force para pahigpitin ang operational control nito sa PAF sa ngalan ng “interoperabilidad.” Liban dito, pagkakataon din ang war game para ilako ng US ang mga eroplanong pandigma nito, na pinaglalawayan naman ng matataas na heneral ng AFP.

Tulad sa naunang serye nito noong Mayo 1 hanggang Mayo 12, inilulunsad ang pagsasanay sa Clark Air Base sa Pampanga, Mactan Air Base at iba pang mga paliparan sa Pilipinas. Sasanayin ng dalawang pwersang militar sa war game ang paggamit nito ng C-130 Hercules, A-10 Warthogs, at F-22 Raptors.

Huling inilunsad ang katulad na pagsasanay noong dekada 1990 bago ibinasura ng Senado ang kasunduan para sa pananatili ng mga base militar ng US sa bansa.

Sa unang serye ng Cope Thunder, sinabi ng tagapagsalita ng Philippine Airforce na ang unang serye ay para sa mga dependibong aksyon, habang ang pangalawa ay nakatuon sa mga operasyong opensibo. Ang mga opensibong atake ay nakatuon para sa mga mga “kaaway na target” sa ere at sa lupa.

Tulad ng Balikatan at karagdagang mga “pinagkasunduang lokasyon” ng mga base militar ng US sa bansa sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement, ang Cope Thunder ay kabilang sa estratehiyang pang-uupat ng US laban sa katunggaling imperyalistang bansang China.

Mga kampo militar sa kanayunan, salot sa mamamayan

Hulyo 5, 2023

Laman ng balita kamakailan ang pag-iinspeksyon ng 17th IB ng Philippine Army at lokal na guberno sa bayan ng Flora sa Upper Atok, Flora,

Apayao noong Hunyo 28-29 sa 50-ektaryang lupa sa barangay. Ito ay para sa planong itayong kampo militar sa naturang barangay.

Taliwas sa pinalalabas na kapayapaang ihahatid ng kampo militar, pinsala at kaguluhan sa buhay ng mga residente ang palaging naiuulat na dala ng mga kampo militar sa iba't ibang prubinsya. Maraming pagkakataong inirereklamo ng mga residente ang kaguluhan, anti-sosyal na mga aktibidad at krimen na dala nito. Sa ilang lugar, natutulak ng mga residente na palayasin ang nagkakampong mga sundalo na itinuturing na peste sa kanilang lugar.

Noong 2021, naiulat sa Quezon sa Southern Tagalog ang pitong pagkakataon na nagpalayas at pinigilan ng mga residente ang pagtatayo ng mga kampo militar sa kani-kanilang mga barangay. Isinagawa ng mga residente ang sama-samang pagtindig sa mga barangay sa bayan ng Lopez, Macalelon at General Luna.

Reklamo ng mga residente na lagi't-laging naiistorbo ang buong komunidad dahil sa presensya ng mga sundalo sa lugar. Hindi na sila makatrabaho sa kanilang sakahan at makapasyal sa mga gubat dahil sa walang awat na operasyong militar.

Sa isang kaso sa Barangay San Francisco-B, Lopez, pinangunahan ng mga kagawad at tanod ng barangay ang pagharang sa planong pagtatayo ng mga kampo militar noong Agosto 7, 2021. Sama-samang pinalayas ng mga residente ang mga tropa na magtatayo ng detatsment. Ayon sa

mga upisyal, agad na nagpaabot ng reklamo ang mga residente dito nang mabalitaan nila ang plano ng militar.

Sa Abra, sama-samang kumilos noong Pebrero 21 ang mga magulang at guro ng Mataragan National Agricultural School sa Barangay Mataragan, Malibcong laban sa mga sundalong nagkakampo sa loob mismo ng paaralan. Anila, banta ng mga ito sa seguridad ng mga bata. Matagumpay nilang napalayas ang mga sundalo.

Matagal nang nakikipagsabwatan sa AFP ang lokal na guberno ng Abra. Maaalalang noong huling kwarto ng 2020 ay naglabas na “kill order” si Apayao Provincial Governor Elias Bulut Jr. Ayon sa atas, bibigyan niya ng pabuya ang sinumang makadadakip o makapatay ng isang kasapi ng rebolusyonaryong kilusan. Ang atas na ito ay tahasang nagtutulak at nanghihikayat ng ekstrahudisyal na pamamaslang at labag sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas.

ATL, muling kinundena sa ikatlong taon nito

Hulyo 6, 2023

Naglunsad ng kilos protesta ang mga grupong nagsusulong ng kalayaan sa pamamahayag sa harap ng National Intelligence Coordinating Agency sa Quezon City noong Hulyo 3 upang kundenahin ang ikatlong taon ng pagsasabatas ng Anti-Terror Law.

Ayon kay Neil Eco ng Altermidya Network: “Tapos na ang panunungkulan ni Duterte, pero nagpapatuloy ang paggamit sa Anti-Terror Law para supilin ang mga nagpapahayag ng katotohanan.”

Tinukoy ng mga grupo na ang naturang batas ay isa sa mga dahilan kung bakit nakararanas ng pagsikil sa mahigit 27 website ng mga progresibong organisasyon at media outlet na nagsusulong ng alternatibong pagbabalita.

“Pagkatapos ng tatlong tatlong taon, napatunayan natin na ginamit ang Anti-Terror Law para maghasik ng takot sa mamamayan. Lahat ng nagsasabi ng katotohanan, kritisismo, at mga karaingan ay binabansagang ‘terorista,’” wika ni Len Olea, mamamahayag mula sa Bulatlat at National Union of Journalists of the Philippines.

Ayon sa grupo, tahasan ang pambubusal hindi lamang sa paraan ng pagsesensor (censorship) kundi pati sa aktwal na pang-aaresto sa mga mamamahaya, tulad ni Frenchie Mae Cumpio ng Eastern Vista na nakabase sa Samar. Patong-patong ang gawa-gawang kasong isinampaya sa kanya.

“Dapat ibasura ang Anti-Terror Law, palayain si Frenchie Cumpio, i-unblock ang 27 websites bunsod ng blocking order ng National Telecommunications Commission, at itigil na ang censorship,” pagdidiin ni Olea.

Ginagamit rin ito laban sa mga manggagawa na nananawagan para sa kanilang lehitimong

karapatan sa dagdag na sahod at karapatan sa pag-uunyon. “Nagbibigay basbas ang Anti-Terror Law para patayin at ikulong ang mga manggagawa at unyonista na nagpapahayag ng kanilang mga panawagan,” ayon kay Julie Gutierrez mula sa grupong Kilos na Manggagawa.

Kamakailan lamang ay ginamit rin ang naturang batas laban sa dalawang lider-estudyante na sina Kenneth Rementilla at Jasmin Rubia, parehong mula sa Univeristy of the Philippines kampus sa Los Banos, Laguna.

Duterte, kinastigo sa gastos ng kanyang upisina

Hulyo 6, 2023

Kinastigo ng grupo ng mga guro si Sara Duterte, bise presidente at kalihim ng Department of Education, sa napabalitang maling proseso ng paggasta ng kanyang upisina sa pondo ng ahensya noong Hulyo 5. Batay ito sa ulat ng Commission on Audit na hindi sinunod ni Duterte ang wastong proseso sa pagbili ng gubyrerno ng mga gamit upang iwasan ang korapsyon.

Ang mga pagbili ay ginawa para sa itinatag ni Duterte na satellite office o sangay ng tanggapan niya bilang bise presidente. Itinayo ang mga upisinang ito sa Cebu, Tacloban, Dagupan, Davao, Zamboanga at Tandag sa Surigao Del Sur noong Hulyo 2022.

Ayon sa ulat, gumastos si Duterte ng ₱668,197 noong 2022 para sa mga “satellite office” ng

Office of the Vice President (OVP) na hindi naayon sa batas kaugnay sa pagtitiyak na transparent at nasa pamantayan ang mga binibili. Sa pagmamadali nitong itayo ang gayong mga upisina, hindi nito natiyak na nagagamit ang pondo sa tamang paraan, at na hindi ito nawawaldas.

Sinabihan din ng COA si Duterte na itigil ang paggamit ng pondo na hindi nakalaan para sa mga binibili nito at pag-reimburse na lamang kapag dumating na ang tamang pondo. Ayon sa ahensya, nilalabag ng gawing ito ang mga batas para sa procurement o pagbili ng mga upisina ng gubyerno.

Pinansin din ng COA ang paggastos ni Duterte ng ₱125 milyon bilang “confidential expenses” na ₱125 milyon na inilagak niya sa bagong-tatag na mga “OVP satellite office” bilang OVP. Tumaas din ang ginastos ni Duterte bilang “medical assistance” nang ₱96.42 milyon. Inamin ni Duterte ang kanilang “kahinaan” sa pag-shortcut sa proseso at nangakong susundin ang mga batas sa hinaharap.

“Naaalarma kami sa mga shortcut ng OVP sa proseso ng procurement,” pahayag ni House Deputy Minority leader at ACT Teachers Partylist Rep. France Castro. “Hindi dapat minamaliit ang mga usaping ito, laluna dahil milyon, kundiman bilyong pera ng mamamayan ang ginagamit.”

Nanawagan siya kay Duterte na magbigay ng paliwanag at makipagtulungan sa anumang imbestigasyon sa mag alegasyon laban sa kanya.

Petisyon para sa writ of habeas corpus ng Taytay 2, inihapag

Hulyo 6, 2023

Nagpetisyon ang mga kaanak at kaibigan nina Gene “Bazoo” De Jesus at Dexter Capuyan para sa writ of habeas corpus (o paglilitaw para iharap sa korte) ng dalawang aktibista. Kasama nila ang iba’t ibang mga grupong nagtataguyod sa karapatang-tao, inihapag nila ang petisyon sa Court of Appeals (CA) kahapon ng umaga, kasabay ng ikalawang buwan ng kanilang sapilitang pagkawala. Sina de Jesus at Capuyan, tinaguriang Taytay 2, ay dinukot ng mga ahente ng Criminal Investigation and Detention Group (CIDG) noong Mayo.

Inapela ng mga nagpetisyon sa CA na tuwirang atasan sina Gen. Andres Centino, hepe ng Armed Forces of the Philippines, Gen. Benjamin Acorda Jr, hepe ng Philippine National Police (PNP), at Brig. Gen. Romeo Caramat, hepe ng PNP CIDG na ilitaw ang dalawa at kagyat silang palayain, lalupa’t walang kasong nakasampa laban sa kanila.

Ayon kay Eloisa Mesina, tagapangulo ng KATRIBU o Kabataan para sa Tribung Pilipino: “Karapatan ng pamilya nina Dexter at Bazoo na makita sa presinto at kampo ng AFP-PNP ang mga kongkretong ebidensya na wala sa poder nila ang dalawa.”

Panawagan nilang ilitaw ang dalawa mula sa kustodiya ng CIDG, AFP, at PNP. “Harapin nila

(pulis at militar) ang mga pamilya at abugado (ng Taytay 2). Lutasin na ang kasuklam-suklam na pag-unlad ng kawalan ng katarungan...!”

2 linggong protestang manggagawa, nagpapatuloy sa Korea

Hulyo 7, 2023

Tinatayang aabot sa kalahating milyong Koreano ang lalahok sa dalawang linggong welgang bayan sa Korea sa pangunguna ng Korean Confederation of Trade Unions (KCTU) laban sa rehimeng Yoon Suk-yeol na nagsimula noong Hulyo 3 at tatagal hanggang Hulyo 15. Iginigiit ng mga unyon ang pagbaba sa pwesto ng anti-manggagawa at maka-negosyong si Yoon, pagpapahinto sa panunupil sa mga unyon at pagtataguyod sa karapatan ng mga manggagawa at karaniwang Koreano.

Inianunsyo ng KCTU ang kanilang welga sa isang pagtitipon sa harap ng upisina ng pangulo sa distrito ng Yongsan sa Seoul noong Hulyo 3. Ayon sa unyon, inilunsad nila ang welga dahil sa sunud-sunod na mapanupil na aksyon at anti-manggagawang mga batas na ipinatutupad ng rehimeng Yoon sa nagdaang mga buwan.

“Ang welga ay para protektahan ang aming buhay na winawasak ng administrasyon,” ayon sa lider ng KCTU na si Yang Kyeong-soo. Noon pang Hunyo, binanggigit ng lider-manggagawa na ang welga ay partikular na nakaturol sa rehimen.

Liban sa pangunahing panawagang magbitiw ang pangulo, panawagan din ng KCTU ang proteksyon

sa kabuhayan, pag-amyenda sa mga batas, pangangalaga sa karapatan ng mga unyon at laban sa panunupil, pagbaligtad sa mga patakarang pribatisasyon at pagtataas sa singilin sa pampublikong yutilidad.

Nag-umpisa ang welgang bayan noong Hulyo 3 kung saan 3,000 manggagawa mula sa sektor ng pagdedeliber at pagrerepair ang nagprotesta sa Gwanghwamun Square sa pusod ng Seoul.

Nagkaroon ng malawakang protesta sa buong bansa noong Hulyo 5 kabilang na sa mga sentrong syudad tulad ng Seoul, Daegu, Busan, Gwangju at sa isla ng Jeju. Sinundan ito ng pagkilos noong Hulyo 6 ng mga manggagawa sa serbisyo sa Seoul.

Sa Hulyo 8, nakatak dang magprotesta ang mga kawani ng gubyrno ng South Korea sa Yeouido, Seoul. Samantala sa Hulyo 12, maglulunsad ng pangkalahatang welga ang unyon sa Hyundai Motor at ang Korean Metal Workers' Union.

Inaasahan din maglunsad ng pangkalahatang welga ang mga manggagawang pangkalusugan sa pangunguna ng Korean Health and Medical Workers' Union (KHMU) sa Hulyo 13. Ito ang unang pangkalahatang welga ng KHMU simula 2004. Giit ng grupo na kilalanin ng rehimen ang nabuong kasunduan noong 2021 kung saan pumayag ang gubyrno sa hinihinging dagdag na serbisiyong pangkalusugan at dagdag na personel sa mga ospital.

Sa huling gabi ng welgang bayan, Hulyo 15, tahasang ilalahad ng mga grupo at manggagawa ang kanilang panawagan kay President Yoon na bumaba sa kanyang pwesto. Bahagi din ng 2-linggong mga protesta ang gabi-gabing pagtitirik ng kandila ng mga raliyista.

2 war games, magkasabay na inilulunsad ng US sa Pilipinas

Hulyo 7, 2023

Isang masaklaw na war games o pagsasanay sa gera ang binuksan ng mga pwersa ng US sa teritoryo ng Pilipinas noong Hulyo 6, kasabay ng Cope Thunder na kasalukuyang inilulunsad sa Clark Air Base sa Pampanga. Magtatagal hanggang Hulyo 21 ang dalawang war games.

Binuksan ang Marine Aviation Support Activity (MASA) 2023 sa Taguig City ng mga upisyal mula sa US Marines at Philippine Marines. Lalahukan ito ng 2,711 personnel at 43 air assets, at sinabing isinasagawa para sa “mahigpit na integrasyon ng mga kagamitang panghimpapawid bilang suporta sa mga ground forces.”

Kabilang sa mga isasagawa sa war games na ito ang live fire na pagsasanay, bilateral air assault at pagsasanay sa pag-agaw ng mga paliparan, joint forward arming and refueling, at ibang aviation support operations. Isa sa mga gagawin dito ay ang pagpapalubog ng isang barko sa karagatan ng San Antonio, Zambales sa Hulyo 17. (Ginawa na ang ganitong “ehersisyo” sa ilalim ng Balikatan 2023.)

Tulad ng Cope Thunder, dalawang beses na inilulunsad ng US ang MASA sa loob ng isang taon.

Ang dalawang ito, katulad ng Balikatan na inilunsad noong Abril, ay bahagi ng 500 aktibidad na pinagkasunduan ng mga upisyal militar ng US at Pilipinas sa 2023. Naabot ang kasunduang ito noong nakaraang taon, matapos mailuklok sa poder si Ferdinand Marcos Jr. Halos doble ang bilang ito sa inilunsad na mga aktibidad ng US noong 2022. Kasabay nito ang pagratsada sa konstruksyon ng limang dating napagkasunduang mga base militar sa ilalim ng EDCA, at ang pagbubukas ng dagdag na apat na lokasyon.

Pekeng konsultasyon ng LTFRB, kinundena

Hulyo 8, 2023

Binatikos ng grupong Piston (Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide) ang inilunsad ng “konsultasyon” ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) sa mga drayber at opereytor ng dyip kahapon, Hulyo 7, sa Camp Karingal sa Quezon City. Imbes na kapakanan ng sektor ang pag-usapan, paninira sa mga progresibong grupo ang naging adyenda nito.

Anang Piston, walang ibang ginawa sa konsultasyon kundi “magpakalat ng mga kasinungalingan at pangamba sa mga tsuper at maliliit na operator na gusto lang maghanap-buhay.” Liban dito, kasuklam-suklam din umano

ang natanggap nilang mga ulat na mga pulis ang “sumundo” sa mga tsuper at opereytor sa kanilang mga bahay para padaluhin sa aktibidad.

Malinaw ang layunin ng pekeng konsultasyon na buwagin ang pagkakaisa ng mga tsuper at opereytor at pigilan ang militanteng pagkilos sa pamamagitan ng red-tagging, pagpapakalat ng maling impormasyon, at sapolitang pagpapasuko sa mga lehitimong prangkisa ng mga operator sa pamamagitan ng Franchise Consolidation, ayon sa grupo.

Pinuna ng Piston ang pagdalo ni Zona Russet Tamayo, ang direktor ng LTFRB-National Capital Region, sa aktibidad bilang “panauhing tagapagsalita” sa aktibidad ng pulis. “Ganyan na ba kayo ka-uhaw sa kikbak at komisyon sa mga imported “modern” units na nilalako niyo sa mamamayan?” anang grupo.

Ilang linggo bago ang ikalawang state of the nation address ni Marcos Jr, lalong nalalantad ang tunay na mukha ng kanyang pamahalaan, ayon sa mga tsuper. “Ito ba ang update sa tinatakbong “review” daw ng OFG — ang tahasang red-tagging at pagpapakalat ng kasinungalingan?”

Sa unang taon ng rehimeng Marcos Jr, kinaharap ng mga tsuper at opereytor ang pangambang tanggalan sila ng kabuhayan gamit ang anti-mahirap at maka-korporasyong jeepney phaseout. Hinambalos din sila ng sunud-sunod at walang-ampat na pagtataas ng presyo ng langis at ibang batayang bilingin.

Ugat ng tangkang panghahalay sa UPD, kakulangang ng badyet

Hulyo 8, 2023

Kinundena ng mga progresibong grupo ang tangkang panggagahasa sa isang estudyante sa loob mismo ng kampus ng University of the Philippines Diliman (UPD) noong Hulyo 6. Giit ng Kabataan Partylist na dapat lamang taasan ang inilalaang badyet ng gubyrerno sa mga pampublikong unibersidad katulad ng UP upang itaas ang kakayahang nitong pangangalagaan ang internal na seguridad at pigilan ang mga krimen.

Kaugnay dito, naglabas ng pahayag ang tagapangulo ng Commission on Higher Education at myembro ng UP Board of Regents na si Popoy De Vera na dapat ay pahigpitin ang ugnayan ng UP at ng PNP at iba pang ahensyang tagapagpatupad ng batas para panatilihing ligtas ang buong unibersidad.

Simula nang pirmahan ang kasunduang UP-DND Accord noong 1989, hindi pinahintulutan ang kapulisan at militar na makapasok sa unibersidad dahil sa marahas na kasaysayan ng krimen ng PNP at AFP sa komunidad.

Hindi sang-ayon si Siegfred Severino, Student Regent sa buong UP System, sa iskemang ito. “Mas malaking banta ang kapulisan at militar sa mga estudyante,” aniya. “Ang pinakalapat na paraan ay taasan ang badyet ng UP para mapakilos nito ang sarili nitong pwersang pulis

(UPD Police) at magawa nang maayos ang trabaho nila.”

Kinundena rin ni Rep. Arlene Brosas ng Gabriela Women’s Partylist ang tangkang panggagahasa. “Ang kalunus-lunos na insidenteng ito ay nagsisilbi para mamulat ang buong komunidad ng UPD na suriin at palakasin pa ang mga patakarang pangkaligtasan nito. Dapat magsagawa ng agarang aksyon para siguraduhin ang proteksyon at kapakanan ng mga estudyante.” aniya.

Sang-ayon siya kay Severino sa pagbatikos sa plano ni de Vera. “Hindi excuse ang pagpapapasok ng militar sa pulis para pangalagaan ang kaligtasan sa unibersidad.”

Ayon sa ulat ng Philippine Collegian, upisyal na pahayagang pang-kampus ng UPD, mayroon lamang 19 kasapi ang UPD Police para protektahan ang mahigit kumulang na 24,000 na estudyante sa 493 ektaryang lawak na kampus.

Pangunahing dahilan ang kulang na badyet na binibigay sa pamantasan para tugunan ang kakulangan sa kanilang makinarya at bigyan nang tamang pasahod.

Operasyong harasment, inilunsad ng BHB-Agusan del Sur

Hulyo 9, 2023

Isang sundalo ng 41st Division Reconnaissance Company ng Philippine Army ang napatay habang isa ang nasugatan sa operasyong harasment ng

Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Agusan del Sur sa Barangay Das-agan, San Francisco, Agusan del Sur noong Hunyo 27. Ayon sa ulat ng BHB, nag-ooperasyon ang naturang tropa ng sundalo sa lugar bandang alas-4:30 ng hapon nang paputukan ng mga Pulang mandirigma.

Inilulunsad ng mga sundalo ang focus military operation sa lugar bilang paghahanda sa kanilang planong magtayo ng detachment sa naturang barangay.

Department of National Defense, tinuligsa ng mga abugado

Hulyo 10, 2023

Naghain ng reklamo ang grupo ng mga abogado na National Union of Peoples' Lawyer (NUPL) kasama ng iba pang grupong nagtataguyod ng karapatang-tao sa Camp Aguinaldo sa Quezon City noong Biyernes, Hulyo 7. Ito ay para magsilbing babala at paalala sa buong pamunuan ng Department of Defense (DND) at sa bagong kalihim nitong si Gilberto Teodoro na tigilan na ang paggamit sa Anti-Terror Act para labagin ang karapatan ng mga kliyente nilang bilanggong pulitikal.

Ayon sa NUPL, "Simula unang hati ng 2023, naging kapansin-pansin ang lumalalang serye ng paglabag sa karapatang-tao sa mga bilanggong pulitikal na sinampahan ng gawa-gawang kaso ng terorismo at iba pang kaso na may kaugnayan dito sa Southern Luzon. Sila ay inakusahan ng pagbibigay diumano ng materyal na suporta sa

mga terorista sa ilalim ng Republic Act No. 11479 dahil sa pagtulong sa mga manggagawang-bukid, katutubo, at biktima ng militarisasyon. Umabot na ang bilang sa 13 nakabimbing mga kaso, ayon sa mga abugado.

Ilan sa mga inarestong nagtataguyod ng karapatang-tao ay itinatago sa mga kampo militar at pinagkakaitan ng karapatang mabisita ng kanilang pamilya at mga abugado, bagay na labag sa 1987 Philippine Constitution at Republic Act No. 11479 (Rights of Persons Arrested, Detained, or Under Custodial Investigation). Kabilang dito ang dawalang tagapagtaguyod ng karapatan ng mga katutubo na sina Mary Joyce Lizada at Arnulfo Aumentado, kilala rin bilang “Mansalay 2” na nakadetina sa Camp Capinpin. Dalawang beses nang hinarang ng mga sundalo at tinanggihang pumasok sa kampo ang bumibisitang mga kaanak at abogado ng dalawa.

Maging ang mga abugado ay nakaranas din ng pagpapahirap para maisakatuparan ang kanilang mga tungkulin. Sa isang insidente noong Marso, nakaranas ng intimidasyon at harasment mula sa isang sundalong sarhento sa isang tsekpoynt ang mga abugado mula sa SENTRA na tutugon sa ligal na pangangailangan ng mga kliyente nilang manggagawa sa tubuhan na dinakip ng mga sundalo sa Balayan, Batangas.

Kamakailan din ay sinampahan ng mga pekeng kaso ng “terorismo” ang tatlong mga kabataan sa Southern Tagalog dahil sa kaparehong batayang ng “pagbibigay ng ayuda sa mga terorista” dahil sa pagtugon nila sa isang makataong misyon na

inilunsad kaugnay sa pagpatay sa siyam na taong gulang na si Kyllene Casao sa Taysan, Batangas.

Nanawagan ang mga abugado sa estado, laluna sa DND, na ipatupad ng mga nasa hanay ng pwersang panseguridad nito ang batayang karapatan ng mga detenido nang walang diskriminasyon at respetuhin ang kalayaan ng mga abugado na tumugon sa ligal na pangangailangan ng kanilang mga kliyente.

“Nakatala sa amin ang bawat pagyurak ninyo sa kalayaan at karapatang-tao sa mga sibilyan at pagtaas ng mga kaso ng tortyur, karahasan at hindi makataong pagtrato na humahantong sa pagdami ng pwersahan at pekeng pagpapasurender na binabansagang ‘rebel returnees.’ Ang maling paggamit ng mga batas laban sa terorismo sa pamamagitan ng pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso ng mga militar ay pagsugpo sa kalayaan at pagsikil sa espasyong sibiko,” anila.

Nagpadala sila ng sulat sa DND na naggigiit sa sumusunod:

1. Lahat ng mga naaresto, detenido, o bilanggo, anuman ang estado, ay dapat bigyan ng sapat na pagkakataon, oras at pasilidad na mabisita at makipag-ugnayan at kumonsulta sa isang abogado, nang walang pagkaantala, pagharang o pangsesensor at nang may buong kumpidensyalidad;
2. Ang mga abugado ay dapat pahintulutang maglakbay at makipagkonsulta sa kanilang

mga kliyente nang malaya at hindi dapat magdusa, o bantaan ng pag-uusig, administratibo o iba pang mga parusa para sa anumang aksyong ginawa alinsunod sa kinikilalang mga propesyonal na tungkulin, pamantayan at etika; at,

3. Dapat iwasan ng militar ang pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso ng terorismo at mga kaugnay nito laban sa mga taong nagsasagawa ng mga gawaing makatao at mga lehitimong aktibidad ng malayang pananalita at pagpapahayag, tulad ng adbokasiya, protesta, at pagtutol...
4. Ang mga tauhan ng militar at mga kumander na responsable sa mga nabanggit na insidente ay dapat agad na imbestigahan at pagbayarin sa kanilang mga paglabag sa karapatang-tao.

Mga sinisanteng manggagawa ng Jollibee sa US, nagprotesta

Hulyo 10, 2023

Nagprotesta ang sinisanteng mga manggagawa ng Jollibee Food Corporation sa restawran ng kumpanya sa Journal Square sa Jersey City, New Jersey, sa US noong Hulyo 6. Inilunsad nila ang pagkilos matapos magsumite ng reklamo sa US National Labor Relations Board noong nakaraang linggo at planong pagsumite ng sulat sa maneydsment ng Jollibee na tinanggihan ng kumpanya. Itinaboy sila ng mga pulis, kasabwat ng maneydsment, mula sa loob ng restawran.

Sa kanilang protesta at liham, iginiit ng mga manggagawa ang kagyat na pagbabalik sa kanila sa trabaho, pagbibigay ng sahod sa mga araw na tinanggal sila, paghingi ng kumpanya ng paumanhin sa mga manggagawang inabuso nito at pagkilala sa kanilang karapatang mag-organisa. Matapos ang programa, sinalubong ang mga manggagawa ng higit 50 mga tagasuporta sa labas ng restawran.

Ayon sa siyam na sinisanteng manggagawa, ang pagkilos ay bahagi ng kanilang kampanyang “Justice For Jollibee Workers.” Anila, tinanggal sila sa trabaho matapos mag-organisa para sa dagdag-sahod at maayos na kalagayan sa paggawa. Ang mga manggagawa ay nagpetisyon para sa kanilang mga hinaing at umani ng 90% suporta mula sa mga kapwa manggagawa ngunit bago pa maihapag sa maneydsment ay tinanggal na sila.

Itinaon nila ang pagkilos sa tinaguriang “National Fried Chicken Day,” isa sa pinakapatok na araw sa restawran na may kaakibat na dagdag na peligro sa trabaho at pang-aabuso sa mga manggagawa.

“Nakakadurog ng puso na makita ang pang-aabuso sa kapangyarihan at panunupil sa mga nangangahas tumindig para sa kung ano ang tama. (G)inagawa namin nang tama ang trabaho namin at ito ang matatanggap namin–sinisante sa trabaho dahil gusto namin ng mas maayos na mga kundisyon sa paggawa, holiday pay at dagdag na \$3 sa aming sahod,” ayon kay Keyser Garganera, isa sa sinisante. Giit nilang gawing \$17 kada oras ang kanilang natatanggap na sahod.

Ayon pa sa isang manggagawa, dapat nang ihinto ng Jollibee ang kanilang panloloko at bigyan ng dignidad ang mga manggagawa nito sa pamamagitan ng pagbibigay ng patas na sahod sa lahat ng restawran. Ayon sa isa pang manggagawa, lalo pang pinahirapan ng maneydsment ang mga naiwang manggagawa dahil ipinasalo sa kanila ang trabaho ng mga sinisante.

“Ang ganitong aktibidad ay protektado ng mga batas sa paggawa...ang pagsisante sa mga manggagawa ay malinaw na tangkang sikilin ang kanilang pagsisikap na paunlarin ang mga kundisyon sa paggawa sa restawran,” ayon kay Attorney Jackelyn Mariano ng Mission to End Modern Slavery (MEMS). Dalawang linggo matapos ang pagtatanggal noong Pebrero 20, nag-employo na rin ang Jollibee Journal Square ng mga pamalit na manggagawa.

Suportado ang mga manggagawa ng iba’t ibang grupo sa komunidad kabilang ang Pilipinos Organizing for Worker Empowerment and Rights (POWER).

Isiniwalat din ng kampanyang Justice for Jollibee Workers na ganito rin ang nararanasan ng mga manggagawa ng Jollibee sa US, sa Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo. Tumatanggap sila ng mababang sahod, habang labis-labis na pinagtatrabaho dahil kulang ang dami ng mga manggagawa, at pang-aabuso. Ginagawa ito sa kabila ng napakalaking kinikita ng Jollibee Foods Corporation taun-taon.

Noong 2022, nakapagtala ng netong kita ang Jollibee Foods Corporation, na pag-aari ni Tony Tan Caktiong, ng \$2.6 bilyon. Si Caktiong ay ika-7 sa 10 pinakamayayamang Pilipino sa bansa. Ang Jollibee ay kabilang sa nangungunang 20 kumpanyang nag-eempleyo ng mga kontraktwal na manggagawa.

Ang katulad na pagsisikap para labanan ang pang-aabuso ng Jollibee ay inilunsad sa Pilipinas noong 2018. Sa kabila ng lehitimong kampanya ng mga manggagawa, walang-pakundangang tinanggal ng kumpanya ang 400 manggagawang nagkaisa para sa regularisasyon at tahasan pang binalewala ang walang-ngiping mga pahayag ng Department of Labor and Employment.

Pagpapasabog ng mga rocket ng US at Pilipinas sa Nueva Ecija, perwisyo sa mamamayan

Hulyo 10, 2023

Perwisyo sa mamamayan at kalikasan ang muling paglulunsad ng live-fire exercises ng mga pwersang militar ng US at Pilipinas sa Barangay Canantong, Laur, Nueva Ecija noong Hulyo 7. Nagpakawala ng 20 rocket ang US sa tinaguriang PH-US Army Artillery Rocket System Subject Matter Expert Exchange (SMEE) gamit ang mga High Mobility Artillery Rocket System (HIMARS). Bago nito, naglunsad na rin ng kaparehong pagpapasabog ang US noong Marso, sa ilalim ng war game na Balikatan.

Ang Rocket SMEE ay bahagi ng PH-US Combined Exercise Salaknib 2023 na inilunsad para palakasin ang kontrol ng imperyalismong US sa papet na Armed Forces of the Philippines (AFP). Dumalo sa partikular na aktibidad bilang mga obserber ang humigit-kumulang 500 pwersang militar ng AFP.

Katulad na pagpapasabog ang inilunsad ng US at Pilipinas noong huling linggo ng Marso bilang bahagi ng Balikatan. Matatandaang binatikos ito ng grupo ng kababaihan na Gabriela na nakatanggap ng mga ulat mula sa mga residente sa lugar. Ayon sa grupo, matinding perwisyo ang naranasan ng mga residente kaugnay ng mga pagsabog na madalas naririnig sa gabi. Nakaapekto ito sa kanilang kilos at kanilang kakayahang makapaghanap-buhay.

Isinaad ng naturang ulat ng Gabriela na ang live fire exercises ay nagdulot ng labis na pagkabalisansang mental at emosyonal hindi lamang sa mga tao sa mga apektadong komunidad kundi pati sa mga hayop sa paligid. Nagpahayag din ng pangamba ang grupo sa toxic waste na iniwan ng gayong mga pagpapasabog.

Pagkatapos ng aktibidad noong Hulyo 7, ginawaran pa ng medalyon ng Honorable Order of Saint Barbara si Col. Hubert Acierto, Deputy Regiment Commander ng Army Artillery Regiment ng AFP, sa katapatan nito sa US.

Ang gawang-US na multiple rocket launcher ay ginagamit ng Ukraine sa gerang inudyukan ng US laban sa Russia. Sinabi kamakailan ni Philippine

Army chief Lt. Gen. Romeo Brawner Jr na plano nitong bumili ng mga HIMARS, anti-ship cruise missiles at air-defense artillery sa darating na mga taon bilang bahagi ng AFP “modernization program” na kinokonsulta nito sa US.

Ang aktibidad na ito ay bahagi ng 500 aktibidad ng US na nakaplanong ilulunsad sa Pilipinas ngayong taon. Liban sa pagpapahigpit ng kontrol nito sa hukbo ng Pilipinas, layunin ng mga aktibidad na ito na bigyan-katwiran ang permanenteng presensya ng mga tropa ng US sa bansa.

Trabahong part-time, lalong dumami sa ilalim ni Marcos Jr

Hulyo 10, 2023

Taliwas sa ipinipilit ni Ferdinand Marcos Jr na “paborable” na ang kalagayan ng “labor market” sa ilalim ng kanyang rehimen, nagpapatuloy ang kawalan ng disenteng mga trabaho sa bansa. Mahigit isang milyon sa ipinagmamalaki nitong bagong-likhang trabaho ay part-time, self-employed at iba pang nasa impormal na sektor. Ibig sabihin, ang mga ito ay mababang kalidad, mababa ang sahod, kulang kung meron mang benepisyo at vulnerable sa pang-aabuso ng mga nag-empleyo.

Sa datos ng estado, mayroong nalikhang 1.7 trabaho sa unang 11 buwan ni Marcos sa poder. Bumaba umano ang bilang ng mga walang trabaho nang 822,000 at bilang ng mga kulang ng trabaho nang 227,000. Pero sa pagsusuri ng Ibon

Foundation, malaking bahagi nito ay temporaryo, di regular at walang katiyakan. Makikita ito sa pagbaba ng bilang ng mga buong-panahong trabaho at trabaho sa mga pribadong establisimyento.

“Kung titingnan ang datos ng pwersa sa paggawa, makikita ang papalalang impormalidad,” ayon sa Ibon. Ang bilang ng mga part-time na manggagawa (yaong nagtatrabaho nang kulang sa 40 oras kada linggo) ay dumami nang 1.4 milyon, mula 15.7 milyon noong Hunyo 2022 tungong 17.1 milyon ngayong Mayo. Ang bilang naman ng mga “may trabaho pero wala sa trabaho” ay lumaki mula 362,000 tungong 737,000.

“Kung pagsasamahin, lumaki nang 1.8 milyon ang mga trabahong mababa ang kalidad at mababa ang sahod,” ayon sa institusyon. Mahigit isang milyon ng gayong mga trabaho ay nasa mga sakahan o negosyong pinatatakbo ng mga pamilya bilang mga “unpaid family worker.” Kasunod nito ang tinaguriang mga “self-employed” na mahigit kalahating milyon at mga nagtatrabaho sa mga pribadong tahanan bilang katulong, drayber at iba pa (290,000).

“Lalong lumala ang kalagayan ng mga manggagawa sa agrikultura kung saan lalupang dumami ang seasonal (pana-panahon), temporaryo o di regular na mga trabaho,” ayon sa Ibon. Gayundin sa sektor ng pagbebenta (sales) kung saan mahigit kalahating milyong bagong trabaho ay di regular. Sa kabilang banda, bumaba ang bilang ng mga buong-panahong trabaho sa sektor ng agrikultura, forestry at pangisda nang 141,000;

sa wholesale at retail trade nang 185,000; at sa konstruksyon nang 374,000.

Walang programa ang rehimen para paunlarin ang kalidad ng mga trabaho at lumikha ng regular at disenteng mga trabaho. Aktibong nilalabanan ng mga upisyal sa ekonomya nito ang pagtataas ng sahod na makaaagapay sa pagsirit ng tantos ng implasyon sa nakaraang 11 buwan. Wala rin itong sapat na programa para saluhin ang milyun-milyon pa ring Pilipino na hindi nakahahanap ng kahit anumang trabaho.

Waldaserong Coast Guard, bumili ng mga sasakyang pangmayaman

Hulyo 10, 2023

Pinuna ng Commission on Audit ang pagwawaldas ng Philippine Coast Guard (PCG) ng pondo ng bayan sa pagbili nito ng bulletproof na sasakyang pangmayaman (luxury vehicle) na nagkakahalaga ng ₱7.8 milyon. Ang sasakyan ay nagkakahalaga ng ₱4.9 milyon habang ang pagpapa-bulletproof dito ay ₱2.8 milyon. Ang sasakyan ay para diumano sa “ligtas” na pagbyahe ng kanilang kumander. Bukod dito, bumili ang PCG ng 31 pang mga sasakyan na nagkakahalaga ng ₱1.9 milyon kada isa para sa iba nitong upisyal.

Pagdadahilan ng Coast Guard, hindi diumano galing sa regular na badyet ang ipinambili nito ng mga sasakyan kundi sa naipong “rebate” o refund mula sa Petron sa binili nitong produktong petrolyo para sa mga barko nito. Sa ulat sa COA, sinabi ng Coast Guard na nakaipon ito ng rebate

na ₱163,210,601.08 mula 2018 hanggang 2022. Malaking bahagi nito (₱148,230,716.18) ay ginamit para sa pagbili ng mga sasakyang pangmayaman. Ito ay sa kabila nang meron nang 459 sasakyang pang-upisyal ang PCG.

“Hindi sapat na naipaliwanag” ng PCG kung bakit bumili ito ng karagdagang mga sasakyan, ayon sa COA. Labag din ito sa mga alituntunin ng estado, ayon sa ahensya.

Ang pagbili ng pangmayamang mga sasakyan para sa paglalamyerdang mga upisyal ng estado at militar at kanilang mga pamilya gamit ang buwis ng mamamayan ay matagal nang kalakaran. Noong 2019, bumili si Rodrigo Duterte ng Gulfstream G280 na jet na nagkakahalaga ng ₱2 bilyon para sa sarili niyang gamit.

Cybercrime, tumaas nang 152% sa kabila ng SIM Card Registration

Hulyo 12, 2023

Ibinalita noong Hulyo 10 ng Cybercrime Investigation and Coordinating Center (CICC) na hindi bumaba, kundi tumaas pa nang 152% ang cybercrime o kriminal na aktibidad sa cyberspace, sa unang hati ng taong 2023. Ito ay sa kabila nang nagkabisa noong Disyembre 27, 2022 ang SIM Card Registration Law, na nag-obliga sa lahat ng gumagamit ng SIM Card na irehistro ang kanilang mga pangalan at iba pang detalye.

Ayon sa CICC, umabot sa 6,250 ang naiulat na mga kaso ng cybercrime mula Enero hanggang

Hunyo 30 ngayong taon, mas mataas nang 152% mula 2,477 sa parehong panahon noong nakaraang taon. Tumriple ang mga online scam at tumaas nang 86% ang bilang ng mga kaso ng illegal access.

Taliwas ang mga datos na ito sa pinangangalandakan ng SIM Card Registration Law na bababa ang kaso ng mga krimen sa internet oras na oblagahin ang lahat ng mga gumagamit nito na magparehistro. Unang itinakda ang dedlayn ng pagpaparehistro noong Abril 26 pero pinalawig hanggang Hulyo 25 dahil sa baba ng mga nagparehistro. Noong Hulyo 6, tatlong linggo bago ang pangalawang dedlayn, nasa 60.75% pa rin lamang ang nairehistrong mga SIM Card, ayon sa National Telecommunications Commission.

Nilalabag ng SIM Card Registration Law ang karapatan sa pribasiya, malayang pagpapahayag at pamamahayag ng mamamayan. Katambal ng mga pasistang batas tulad ng Anti-Terrorism Law, tiyak na gagamitin ito sarbeylans at panggigipit sa mga progresibo, kritiko at maging sa tradisyunal na oposisyon ng naghaharing pangkatin.

Dagdag gastos at perwisyo ito sa mamamayan na malayo sa mga sentro ng pagpaparehistro at wala o may mahinang kuneksyon sa internet. Ipagkakait din nito ang batayang serbisyong telekomunikasyon sa milyun-milyong walang kakayahang magparehistro o tumututol sa pwersahang pagpaparehistro.

Mga samahang maralita sa Negros Occidental, ginigipit ng militar

Hulyo 12, 2023

Anim na aasosasyon ng mga magsasaka, manggagawang bukid at mangingisda sa apat na barangay ng Cauayan, Negros Occidental ang nag-ulat na sila'y tinatakot at ginigipit ng mga sundalo ng 15th IB at 47th IB simula Hulyo 10. Ayon sa ulat ng grupo sa karapatang-tao na September 21 Movement South Negros, pinatatawag ng mga sundalo ang mga lider at kasapi ng mga asosasyon para sa isang "pulong."

Ang mga asosasyon na tinatarget ng militar ay ang Tuyom Small Farmers Association (TUSFA), Caliling Small Agricultural Workers (CASAWA), Paghili usa sang Magagmay nga Mangingisda sa Guiljungan (PAMAGUI), Small Fisherfolk Association Man uling (SFAM), Paghiliusa sang Magagmay Mangingisda sa Lugway (PAMALU), at Hiliusa sang Mangunguma Mamumugon sa Guita (HMMAG).

Ang mga asosasyon ay nakabase sa mga barangay ng Toyum, Caliling, Man-uling at Guiljungan. Kasalukuyan ding nag-ooperasyon at nagkakampo ang naturang yunit sa gitna ng mga sibilyang komunidad. Nagbabahay-bahay at iniinteroga ng mga sundalo ang mga residente laluna ang mga lider ng mga asosasyon.

"Pinipilit nila ang chairman na magsagawa ng isang pagpupulong kung saan dadalo ang mga sundalo," pahayag ng grupo. Anila, nagdudulot ito

ng labis na takot sa mga nasa komunidad at myembro ng mga asosasyon dahil may dala-dalang matataas na kalibre ng armas ang mga sundalo at sinisindak sila ng mga ito.

Ang naturang mga samahan ay naninindigan laban sa tangkang pang-aagaw ng kanilang lupa at pagpapalayas sa kanilang kinatitirikan. Mayroon ding banta ng pagpapalayas at demolisyon para bigyang daan ang mga proyektong ekoturismo sa lugar.

Pilipinas, suki ng kriminal na kumpanyang Elbit System

Hulyo 12, 2023

Inianunsyo noong Hulyo 10 ng Elbit Systems na ginawaran ito ng kontrata para “magsuplay” ng dalawang eroplanong pandigma (Long Range Patrol Aircraft) na nagkakahalaga ng \$114 milyon o ₱3.135 milyon kada isa ng isang “bansa sa Southeast Asia.” Bagaman hindi nakasaad sa pahayag ng Elbit, pinaniniwalaang ang tinutukoy nito ay ang Pilipinas dahil ito lamang ang may gayong “order” sa mga bansa sa Southeast Asia. Ang naturang mga eroplano ay “refurbished” (luma) na mga ATR 72-600, isang modelo ng eroplano na ginagamit rin ng mga komersyal na airline.

Noon namang Hulyo 5, namataan ang mga kinatawan ng Elbit sa seremonya para sa pagsisimula ng konstruksyon ng Armor Maintenance Depot ng Philippine Army sa Camp O’Donnell sa Barangay Santa Lucia sa Capas,

Tarlac. Itatayo ang pasilidad sa “kooperasyon” ng kumpanya at lokal na kumpanya sa konstruksyon na La Isabelle Development Corporation. Dito ilalagak ang mga armor at mechanized na sasakyan ng AFP, na kalakhan ay binili mula sa Elbit. Noong Abril, pinalayas ng “installation battalion” ng militar ang daan-daang magsasaka at residente ng Barangay Santa Lucia at Barangay Lawy para bigyan-daan ang ekspansyon ng kampo militar na ito.

Ang Elbit ang pinakamalaking kumpanyang Israeli na tuwirang sangkot sa henosidyo sa mamamayang Palestine at itinuturing na kriminal sa digma. Mula pa 2007, ang kumpanyang ito ay nasa listahan ng Boycott, Divestment, and Sanctions (BDS) movement, isang kilusang Palestino na suportado ng maraming grupo sa mundo. Panawagan ng kilusang ito ang iboykot, i-atras ang pamumuhunan (divest) at patawan ng sangsyon ang mga kumpanyang Israeli na sangkot sa iligal na okupasyon ng Israel sa mga teritoryo ng Palestine, at pagpapanatili sa pader na West Bank na tinaguriang “pinakamalaking kulungan” sa mundo.

Nakabatay ang panawagan ng kilusang ito sa United Nations General Assembly Resolution 194 na ipinasa noong 1948. Nakasaad sa resolusyong ito ang pagkilala sa mga refugee na Palestinian at kanilang karapatan na bumalik sa kanilang mga tahanan at teritoryong iligal na inokupa ng Israel.

Dahil sa kilusang BDS, napilitan ang mahigit 12 bangko na mag-divest ng kapital sa Elbit, kabilang ang Barclays at HSBC noong 2018. Noong 2016,

sinipa ang Elbit mula sa produksyon ng mga drone sa Brazil. Noong 2022, inatras din ng Norway ang pamumuhunan nito sa kumpanya at iba pang kumpanyang Israeli. Nawalan din ito ng mga kontrata sa Denmark at France dulot ng pagkakampanya ng mga aktibista. Sa United Kingdom, naipasara ng mga aktibista ang pabrika nito sa Oldham matapos ang tuluy-tuloy na protesta at aktibong aksyon.

Ang Israel ang pangunahing katuwang at kasosyo ng US sa Middle East. Ito ang tumatanggap ng pinamalaking ayudang militar ng US sa buong mundo, taliwas sa resolusyon ng United Nations Security noong 1982 na nanawagan para sa komprehensibong embargong militar laban sa Israel. Mahigpit na magkaugnay ang mga industriyang militar ng dalawang bansa.

Konsistent sa pagiging tutang hukbo ng US, isa sa pinakamasugid na tagapagtangkilik ng mga armas na ibinebenta ng Elbit ang Pilipinas. Bilyun-bilyong piso nang pera ng mamamayan ang ipinambili ng reaksyunaryong estado ng armas sa Elbit, na kalakhan ay luma at refurbished para sa diumano'y "modernisasyon" ng AFP. Ilan sa mga armas na ito ay regular na nakikita sa kanayunan na ginagamit ng AFP sa brutal na gerang kontra-insurhensya.

Kalakhan sa mga kontrata ay iginawad ng rehimeng Duterte bilang suhol sa mga heneral na nakaabang sa mga kikbak at komisyon. Ipinagpapatuloy ang paggagawad ng mga kontrata ng kasalukuyang rehimeng Marcos Jr.

Kabilang ang sumusunod sa binili ng AFP sa Elbit:

- 1) 20 na Land Sabrah ASCOD (tracked) light tank at 10 Sabrah PANDUR II (Wheeled) light tank na sinasabing bubuo sa 1st Tank Battalion Armor Division ng Philippine Army na nakabase sa Tarlac. Nagkakahalaga ang kontrata para sa mga ito ng ₱9.4 bilyon. Inaasahang idedeliber ang mga tangke ngayong taon. Ang mga tangke ay gawa ng kasosyo nitong General Dynamics Land Systems, isang kumpanyang Amerikano.
- 2) 1,000 THOR drones at ibang unmanned aerial vehicle (UAV) at mga ground control station nito. Iginawad noong 2018 ang kontratang nagkakahalaga ng \$163 milyon (₱8.965 bilyon) para rito. Ibinalitang “pumasa” ang mga drone sa “environmental test” sa Pilipina noong 2019 at sinasabing nagsimula nang dumating mula katapusan ng 2022. Idineploy ang mga ito sa antas kumpanya at batalyon ng AFP.
- 3) 12 na Autonomous Truck Mounted howitzer System (ATMOS) 155 mm/52 calibre self-propelled gun systems na nagkakahalaga ng \$47 milyon (₱2.585 o ₱215.41 milyon kada isa.) Idineliber ang mga armas noong Disyembre 2021 at binuo at sinanay ng AFP ang 10th Field Artillery “Rolling Thunder” Battalion noong 2022 para mag-opereyt ng mga ito. Kasalukuyang nakakalat sa iba’t ibang yunit ng AFP ang mga ATMOS, kabilang sa Fort Magsaysay sa Nueva Ecija,

Maguindanao, at 3rd ID sa Western Visayas (2).

- 4) 12 na M-17 na towed o hinihilang howitzer (155 mm 39 kalibre) na nagkakahalaga ng ₱410.85 milyon. Idineliber ang mga yunit na ito noong 2017 at idineploy sa mga iba't ibang batalyon kabilang sa 7th Field Artillery Battalion sa Butuan City.
- 5) 13 na UAV na nagkakahalaga ng \$175 milyon. Binubuo ito ng siyam na Hermes 900 at apat na Hermes 450 na unang dumating noong Agosto 2019 at nakumpleto sa sumunod na taon. Isang Hermes 900 na ang napabalitang bumagsak noong Mayo 2022 habang papabalik sa Lumbia Airport, ang EDCA site sa Cagayan de Oro City.
- 6) 15 na M125A2 armored mortar carrier na may nakakabit na 120mm mounted mortar systems na dumating noong Disyembre 2021. Ang ilan sa mga ito ay idineploy sa 76th IB sa Barangay San Luis, Mamburao, Occidental Mindoro; sa 3rd ID para sa gamit ng militar sa Central at Western Visayas; at sa 4th Mechanized Infantry (Kalasag) Battalion sa Pantao Ragat, Lanao del Norte.
- 7) 2 Merkava IV-based armored bridgelayers na nagkakahalaga ng \$27.7 milyon. Iginawad ang kontrata noong 2018 at napinal noong 2019. Naideliber ang mga sasakyang ito noong Hulyo 12, 2022. Ang Merkava bridgelayers ay mga tangkeng gawa ng Elbit at kasosyo nitong

Leonardo DRS, isang pribadong kontraktor ng militar ng US.

- 8) kontrata para i-refurbish o kabitan ng mga baril na 22mm at .50 kalibreng RCWS (remote controlled weapon station) ang 100 M-113 armored personnel carriers (APC) na “ibinigay” ng US sa Pilipinas noong 2014. Ang mga APC na ito ang ginamit sa pagsalakay ng AFP sa Marawi City noong 2017.

Kawalang-aksyon ni Marcos sa panghihimasok ng China sa West Philippine Sea, binatikos

Hulyo 13, 2023

Sa ika-7 taon ng arbitral ruling ng Permanent Court of Arbitration (PCA) kaugnay sa pag-aari ng Pilipinas sa mga teritoryong dagat nito sa West Philippine Sea, nagprotesta ang mga mangingisda at binatikos ang inutil na aksyon ng rehimeng Marcos Jr sa paggigiit ng karapatan ng Pilipinas sa naturang karagatan. Ayon sa Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya (Pamalakaya), “mabagal at kulang ang aksyon sa pagpapatigil ng panghihimasok ng China sa ating karagatan.”

Giit ng mga mangingisda, “nasa atin ang lahat ng ligal, pulitikal, at istorikal na batayan para igiit ang ating pambansang soberanya.” Paliwanag pa ng grupo, “mismong internasyunal na korte na ang nagbigay ng hatol sa China na maysala ito sa pandarambong ng ating kalikasan dahil sa malawakang reklamasyon at malakihang tipo ng pangingisda sa ating karagatan.”

Noong 2016, inilabas ng PCA ng United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS) ang desisyong kumakatig sa Pilipinas sa soberanong karapatan nito sa exclusive economic zone.

“Pitong taon na matapos ang ating makasaysayang panalo sa Permanent Court of Arbitration (PCA), nananatili ang mga pasilidad pangmilitar ng China sa pitong artipisyal na islang itinayo nito sa Spratlys, habang may hindi bababa sa 50 barkong pandigma at pangisda ang kamakailan lamang namataang nagpapatrulya sa ating teritoryo,” pahayag ng grupo.

Anila, malaki ang epekto ng kainutilan ng administrasyon sa mga Pilipinong mangingisda na kung hindi man direktang dumanas ng pagtataboy mula sa China, ay nakakaranas ng intimidasyon sa simpleng presensya ng mga tauhan Chinese sa soberanong pangisdaan ng bansa.

Ibinahagi ng Pamalakaya na umaabot sa 70% ang nawawalang kita ng Pilipinong mangingisda sa kada palaot mula nang paigtingin ng China ang presensya nito sa Panatag Shoal (Scarborough Shoal) sa Zambales noong panahon ng administrasyong Duterte. “Kaya malaking bilang na rin ng mga mangingisda ang napilitang lisanin ang kanilang hanapbuhay sa dagat at humanap ng ibang pagkakakitaan,” anila.

Nakiisa rin ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa pagggunita sa naturang desisyon at dapat umano itong panghawakan para igiit ang pambansang soberanya. Binatikos ni Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng Partido, ang

malamyang tindig ng rehimeng Marcos Jr sa karapatan ng bansa sa West Philippine Sea.

“Dapat gamitin ang arbitral ruling ng PCA para militante at independyenteng igiit ng mamamayang Pilipino ang karapatan ng Pilipinas sa West Philippine Sea sa diplomatikong pakikitungo sa China, at sa lahat ng larangan ng relasyong internasyunal,” ani Valbuena. “Sa halip, yumuyuko si Marcos sa China, habang binibigyang-daan ang papalaking presensya ng pwersang militar ng US, bagay na nagpapakulo ng armadong tensyong at nagpapalaki ng peligro ng digma.”

“Sa halip na itaguyod ang interes ng Pilipinas, dinadala ni Marcos ang bansa sa landas ng kapahamakan pagpapahamak dahil sa pangangayupapa nito sa US at pagyuko sa kapangyarihan ng China.”

“Dapat igiit ng Pilipinas ang soberanong karapatan nito at palayasin ang mga pwersang nabal at militar ng China at US sa West Philippine Sea at itulak ang demilitarisasyon ng karagatan,” dagdag pa ni Valbuena.

Koalisyon laban sa APEC Summit sa Nobyembre, itinatag sa US

Hulyo 13, 2023

Pinangunahan ng mga myembro ng International League of Peoples’ Struggle at No to APEC Coalition ang isang martsa mula sa harap ng city hall patungo sa federal building sa San Francisco

City sa US noong Hulyo 11 bilang protesta sa nagaganap na panlimang pagpupulong para sa Indo-Pacific Economic Framework na kasalukuyang ginaganap sa Busan, South Korea.

Ang pagpupulong na ito ay paghahanda sa magaganap na Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) Summit na gaganapin sa San Francisco City sa Nobyembre. Ang APEC Summit ay taunang pagpupulong ng 21 lider ng mga bansang nasa Pacific Rim. Saklaw ng mga bansang ito ang kalahati ng internasyunal na kalakalan, sa pangunguna ng US.

Ayon sa mga raliyista, walang ibang layunin ang IPEF kundi ang itulak ang mga patakaran sa “malayang kalakalan” na higit na magsasamantala sa mga manggagawa, babarat ng kanilang mga sahod, sisira sa kalikasan at dadambong sa likas na mga yaman para pagkakitaan ng malalaking negosyo.

Karugtong ang martsa sa paglulunsad ng “No to APEC Coalition” sa araw ding iyon. Tinalakay ng 50 organisasyong myembro ng koalisyon ang mapaminsalang epekto ng mga patakaran para sa “malayang kalakalan” sa iba’t ibang sektor ng lipunan. Kabilang dito ang napakababang sahod, pagkasira ng kalikasan dulot ng militarisasyon at pandarambong, paglabag sa mga karapatang-tao, at pagyurak sa pambansang soberanya ng ibang bansa.

“Hindi natin makakamit ang nakabubuhay na sahod sa bansang ito (US) habang...ang mga transnasyunal na korporasyon ay nagpapasahod

ng \$4 kada oras o mas mababa pa sa ibang bahagi ng mundo,” ayon kay Karl Kramer ng San Francisco Living Wage Coalition.

“Ginagamit ng administrasyong Biden ng US ang APEC para itulak ang Indo-Pacific Strategy, kasabay ng pagpapalakas ng presensyang militar nito sa Pilipinas, Korea, Okinawa (Japan) at isla sa Pacific — na nagdadala sa atin sa bingit ng digma,” ayon naman kay Terry Valen ng International Migrants Alliance at ng Steering Committee ng No to APEC Coalition.

“Nakikipaggirian ang US sa China sa rehiyon (ng Asia) para konsolidahin ang kapangyarihan nito sa ekonomya...sa kapinsalaan ng mga manggagawa at ordinaryong mamamayan at para sa kita ng pinakamalalaking korporasyon, na direktang may impluwensya sa APEC at iba pang negosasyon para sa ‘malayang kalakalan.’”

Plano ng mga myembrong organisasyon ng koalisyon na magsagawa ng mga protesta kasabay ng ministerial meeting ng APEC sa Seattle sa Hulyo 29-31. Paghahandaan din nila ang paglulunsad ng isang People’s Summit at malakihang rali laban sa APEC Leaders Summit sa darating na Nobyembre.

Operasyong haras at demolisyon, isinagawa ng BHB-Sorsogon

Hulyo 13, 2023

Naglunsad ng operasyong harasment at demolisyon ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Sorsogon noong

Hulyo 6 at Hulyo 10. Ayon sa yunit, layon ng naturang mga opensiba na palayasin ang mga sundalo na nagkakampo sa sentro ng mga barangay.

Una sa mga opensiba ang pag-atake ng BHB laban sa mga sundalo ng 22nd IB sa Barangay Calpi, Bulan, Sorsogon noong Hulyo 6, bandang alas-8:30 ng gabi. Ang naturang yunit ng mga sundalo ay tatlong linggo nang nagkakampo sa evacuation center at sa kapilya ng barangay.

Sa gulantang, nagsitakbuhan ang mga sundalo at nagsisukob sa mga bahay ng mga sibilyan. Ginamit nila ang mga sibilyan bilang pananggalan at walang habas na nagpapatok sa kung saan-saang direksyon. Labag sa internasyunal na makataong batas ng pangangalaga sa kaligtasan ng mga sibilyan at sibilyang ari-arian.

Matapos ang insidente, tinipon ng mga sundalo ang mga residente at pinagbantaang gagantihan oras na maulit ang pangyayari.

Noong Hulyo 10, pinasabugan naman ng mga Pulang mandirigma ang bakod ng kampo ng 22nd IB sa Barangay Calmayon, Juban.

“Ang mga operasyong ito ay pagpapakita ng suporta ng rebolusyonaryong kilusan sa mariing kahilingan ng mga taumbaryo na palayasin ang mga sundalong umookupa sa mga pasilidad ng baryo at nakakaabala sa matiwasay na pamumuhay ng mga sibilyan,” ayon kay Ka Samuel Guerrero, tagapagsalita ng BHB-Sorsogon.

Pagtatalagang “terorista” sa anim na indibidwal, kinundena

Hulyo 13, 2023

Kinundena ng iba’t ibang grupo at organisasyon ang Anti-Terrorism Council (ATC) sa arbitraryong pagtatalaga nito sa anim na indibidwal bilang mga “terorista.” Inianunsyo ang designasyon noong Hulyo 10. Muling ipinanawagan ng mga grupo ang pagbabasura sa ATL sa kanilang protesta sa Commission on Human Rights noong Hulyo 11. Ang ATC ay konsehong binuo alinsunod sa Anti-Terrorism Law (ATL).

Sa bisa ng Resolution No. 41 ng ATC na inaprubahan noong Hunyo 7, itinalaga nitong “terorista” ang mga lider ng Cordillera People’s Alliance (CPA) na sina Windel Bolinget, Sarah Abellon-Alikes, Jen Awingan, at Steve Tauli, at mga pinangalanang sina Jovencio Tangbawan at May Vargas-Casilao.

Ayon sa CPA, “malinaw na ginagamit ang ATL bilang instrumento ng pagsikil sa pagtutol at pagtarget sa mga aktibista.” Binanggit din ng grupo na ang apat na lider ng CPA ay kabilang sa binansagang “Northern Luzon 7” na nanalo noong Mayo laban sa kasong ng gawa-gawang kasong rebelyon isinampa sa kanila sa isang korte sa Abra noong Enero. Nakaranas ang mga lider ng paulit-ulit na intimidasyon mula sa mga pwersa ng estado.

Sa atas ng ATC, inatasan nito ang Anti-Money Laundering Council na imbestigahan at i-freeze

ang salapi at mga ang ari-arian ng mga pinangalanan. Ang anim na indibidwal ay dagdag sa 63 naunang itinalagang “terorista” ng ATC mula nang isinabatas ang ATL noong Hulyo 2020.

Sa nagdaang mga linggo, sunud-sunod at kabi-kabila ang paggamit sa naturang batas para sampahan ng gawa-gawang mga kasong may kaugnayan sa “terorismo” ang iba’t ibang personahe. Sa Southern Tagalog pa lamang, hindi bababa sa 15 ang bilang ng kinasuhan ng paglabag sa naturang batas. Naitala rin ang katulad na pagkakaso sa Bicol, Central Luzon at maraming bahagi ng Mindanao.

“Pinatutunayan [ng panibagong arbitraryong pagtatalaga ng ATC] ang nauna naming babala na ang batas ay maaaring abushin at aabusuhin para targetin ang mga aktibista, kritiko ng gubyerno, myembro ng mga progresibong kilusan at organisasyon, at kahit pa sinong ituturing na banta ng cluster sa pambansang seguridad [ng estado],” ayon kay Teddy Casiño, tagapangulo ng Bagong Alyansang Makabayan.

Dagdag pa ng grupo, ang designasyong ito ay panibagong serye ng panggigipit, panghahas at pananakot sa anim para manahimik at itigil ang kani-kanilang adbokasiya at pakikibaka. “Iniipit sila para ipahiya sa publiko, diskriminasyon at pisikal na pag-atake. At lahat ng ito ay nang walang benepisyong pampublikong pagdinig o maayos na proseso,” dagdag pa ni Casiño.

Iginiit din ng grupo na dapat nang ibasura ang mapanupil na batas sa lalong madaling panahon.

Barikada sa Valenzuela, marahas na dinemolish ng kapulisan

Hulyo 14, 2023

Marahas na denimolis ng pinagsanib na pwersa ng PNP at lokal na gubyrno ng Valenzuela ang mahigit-kumulang 400 kabahayan sa Block 6 sa Barangay Veinte Reales noong Miyerkules, Hulyo 12. Sugatan ang ilang residente at kanilang mga tagasuporta. Pinagtangkaan pang dakipin kahit ang midya at kabataan na nagdodokumento ng barikada.

Ayon sa ulat ng mga residente, iligal at walang anumang dokumentong bitbit ang demolition team na pwersahang gumiba at nagpalayas sa kanila sa lugar.

“Wala kaming trabaho noong pandemic. Ang mahal pa ng bilingin. Nagtutuyo na lang kami at noodles para makatipid at makaahon sa pang-araw-araw,” pahayag ni Lucy, isa sa mga residenteng giniba ang tahanan. “(Tapos) gigibain kami. Saan mo kami itatapon, sa kalye?”

Walang nakahandang lugar na paglilipatan ang mga biktima ng demolisyon. Hanggang ₱9,000 lamang ang inialok sa kanilang ibayad kung umalis sila sa lugar.

Kasalukyang nakabimbin ang pagdinig upang imbestigahan ang batayan ng pagpapaalis sa komunidad. Sa kabila nito, itinuloy pa rin ang demolisyon sa kabahayan. Mahigit 25 taon nang naninirahan ang mga residente dito at matagal na

nilang sinisikap na magkaroon ng dayalogo sa lokal na pamahalaan ng Valenzuela at iba't ibang ahensya ng gubyrerno.

Nanawagan naman sa lokal na gubyrerno ng Valenzuela ang grupong Anakbayan na dinggin ang hinaing ng mamamayan ng Veinte Reales. “Kung tunay na gustong solusyunan ng gubyrerno ang pagdami ng maralitang lungsod sa NCR, dapat nitong harapin ang usapin kung bakit ba napipilitan ang kalakhan ng mga Pilipinong umalis ng probinsya?,” anito.

“Ang kawalan ng nakabubuhay na trabaho, kawalan ng akses sa mga batayang serbisyong panlipunan sa prubinsya, at kawalan ng mga batayang imprastruktura para sa maayos na pamumuhay roon tulad ng irigasyon at kuryente,” ayon sa grupo.

Hustisya, sigaw ng mga migranteng biktima ng iligal na rekrutment

Hulyo 14, 2023

Nagprotesta kahapon, Hulyo 13, ang mga biktima ng iligal na rekrutment sa upisina ng Department of Migrant Workers (DMW) at National Bureau of Investigation (NBI) kasabay ng paghahain ng reklamo kaugnay ng mga pang-aabusong dinanas nila. Kasama nila sa pagprotesta ang mga lider ng Migrante International.

Nagsampa ng kaso ang mga biktima ng malawakang iligal na rekrutment laban sa dating konsehal ng Cebu City na si Prisca Nina Mabatid

na CEO ng PCVC Opportunities Abroad at Pinoy Care Visa Center. Ayon sa mga biktima, hiningan sila ng higit ₱100,000 bawat isa bilang kabayaran sa pagpuproseso ng kung anu-anong mga papeles. Itinala ng grupong Migrante ang libu-libong biktima mula sa Pilipinas at ibang bansa ng naturang panloloko.

Reklamo ng mga biktima, “nilansi, nirekrut at nilinlang” ni Mabatid ang mga Pilipino sa bansa at mga migranteng Pilipino sa United Arab Emirates, Hong Kong, Japan at iba pang mga bansa. Sa pagitan ng 2017 hanggang 2023, inutusan umano ang mga biktima na mag-apply para sa student visa sa Canada nang may pangakong tatlong buwang pagpoproseso nito. Sinabihan silang makakukuha ng trabaho dito para makapagbayad ng matrikula at panggastos sa araw-araw.

“Pinagbayad sila ng higit ₱100,000 bawat isa, o ng mas mababang ₱94,000 sa panahon ng mayroong tatlo hanggang limang araw na promo,” ayon sa Migrante International. Dapat din umano silang magbayad bago simula ang pagpoproseso ng kanilang aplikasyon.

Salaysay pa ng mga biktima, pagkatapos nilang magbayad ay pinapirma sila ng kasunduan na hindi na pwedeng bawiin ang kanilang ibinayad at binigyan ng listahan ng mga “requirement” na naunang inilihim sa kanila. “Sa maraming kaso, hindi na sinasagot ng mga istap ng kumpanya ni Mabatid ang mga tanong at concern o naging masama na ang turing nang humingi na sila ng refund,” dagdag ng Migrante International.

“Nagnakaw ng milyun-milyong piso si Nina Mabatid at kanyang kumpanya sa nagpapakahirap magtrabaho na mga Pilipino at OFWs na nangangarap ng mas maayos na buhay at seguridad sa kabuhayan. Dapat kaagad na ibalik ang perang ito sa kanyang mga biktima,” giit ni Joanna Concepcion, Migrante International chairperson.

Pagdidiin pa ni Concepcion, ang ginawa ni Mabatid at kanyang mga katrabaho ay ilegal na rekrutment kung hindi man human trafficking. “Dapat silang maparusahan. Dapat itong imbestigahan ng gubyrerno at umaksyon sa malawakang scam na ito,” ayon pa sa kanya.

Sa kabila ng napakaraming reklamo laban kay Mabatid at kanyang mga kumpanya, nakapagpapatuloy pa silang manloko at magsagawa ng mga seminar sa buong bansa at ibayong dagat. Ikinadismaya ng mga biktima ang tila pagsuporta ng mga lokal na upisina ng Public Employment Service Office ng gubyrerno at mga upisyal ng lokal na gubyrerno na sumusuporta sa mga mapanlansing paraan ng rekrutment ng kumpanya.

Nagsampa na ng kaso ang mga OFW na biktima ni Mabatid sa Hong Kong noong nakaraang buwan laban sa ilegal na iskema. Inihain nila ang reklamo sa Hong Kong Police at Philippine Migrant Workers Office na dumaan sa upisina ng Philippine Consulate sa Hong Kong. Itinuring nang kriminal na imbestigasyon ng Hong Kong Police ang naturang mga kaso matapos hindi isauli

ni Mabatid ang pera ng walong biktima na nagreklamo, taliwas sa kanyang pangako.

Iniimbestigahan na rin umano ng Department of Migrant Workers ang kanilang kaso.

Konstruksyon ng coastal road sa Sorsogon, pinaimbestigahan ng mga mangingisda

Hulyo 14, 2023

Nanawagan ang Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) kahapon, Hulyo 13, ng imbestigasyon sa konstruksyon ng coastal road sa Gubat, Sorsogon dahil sa lumilitaw na paggamit umano ng mga patay na koral sa pagtatayo nito. Bago pa nito, nauna nang ipinanawagan ng Save Gubat Bay Movement ang pagpapahinto sa proyekto at kaakibat nitong reklamasyon dahil sa pinsalang idudulot nito sa baybayin at sa kanilang kabuhayan.

Iginiit ng Pamalakaya sa Department of Natural Resources (DENR) na imbestigahan ang proyekto dahil nais nitong alamin kung saan kinukuha ng konstruksyon ang mga coral na inilalagay dito.

“Dapat atasan ng ahensya ang environment office nito sa prubinsya para magsagawa ng inspeksyon sa proyekto at alamin kung kinuha ang mga koral sa kung saanman,” ayon sa Pamalakaya. Ayon pa sa grupo, hindi katanggap-tanggap kung malalamang sinisira at kinukuha ito para lamang itambak at gamitin sa konstruksyon.

Ang mga koral ay maseselang organismo na bumubuo ng ekosistema sa ilalim ng dagat. Halos isang taon ang kailangan para lamang tumubo ng ilang sentimetro ang mga koral. Inaabot isang dekada ang itinatagal bago lumago sa pagiging grupo ng larvae (uod).

“Mahalaga ang mga ito sa marine biodiversity (mayamang buhay sa karagatan) dahil nagsisilbi itong tahanan ng maraming lamang-dagat at nagtitiyak ng masaganang rekurso sa mga komunidad ng mangingisda,” ayon sa Pamalakaya.

Liban dito, muling ipinanawagan ng Save Gubat Bay Movement (SGBM) ang pagpapatigil sa naturang proyekto dahil lubhang nakapipinsala ito sa baybayin gayundin sa kabuhayan at pinagkukunan ng rekurso ng mga mangingisda sa 13 barangay sa baybaynin ng prubinsya.

“Bukod sa posibilidad na may sinisirang bahura o coral reefs para sa proyektong coastal road, may tiyak na pinsala na ang mismong proyekto sa kalikasan at pangisdaan ng aming bayan dahil sa reklamasyon. Tinatambakan ng lupa ang baybaying-dagat na pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng aming mga mangingisda, partikular ng mga nag-aalimango,” ayon sa SGBM.

Ang Sorsogon Coastal Road ay proyekto ng Department of Public Works and Highways sa ilalim ng programang Build, Build, Build ng nagdaang administrasyong Duterte.

Pulis at militar, inutusan ng korte na ilitaw ang 2 dinukot na aktibista

Hulyo 14, 2023

Matapos magsampa ang mga kaanak ng mga aktibista sa Cordillera na sina Dexter Capuyan at Gene Roz Jamil De Jesus ng writ of habeas corpus (o paglilitaw para iharap sa korte) sa Court of Appeals noong Hulyo 5, inatasan ng korte ang mga kumander ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) na iharap sa korte ang dalawang aktibista ngayong araw, Hulyo 14.

Ang apela ng mga kaanak ay tahasang nag-utos kina Gen. Andres Centino, hepe ng AFP, Gen. Benjamin Acorda Jr, hepe ng PNP, at Brig. Gen. Romeo Caramat, hepe ng PNP-CIDG. Giit ng pamilya na ilitaw ang dalawa at kagyat silang palayain, lalupa't walang kasong nakasampa laban sa kanila.

Sa isang resolusyon ng Thirteenth Division ng Court of Appeals na may petsang Hulyo 10, sinabi nitong ang mga petisyong inihain ng mga kaanak ay sapat at may mga batayan para sa gayong kautusan. Ipinagpapaliwanag din ng korte ang militar at pulis sa iligal na detensyon sa dalawa nang higit 70 araw.

Sa nagdaang mga buwan, napag-alaman ng mga grupong naghahanap kina Capuyan at de Jesus na mga ahente ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ang nasa likod ng pagdukot sa kanila noong Abril 28 ng gabi sa

Golden City, SM Hypermarket sa Taytay, Rizal. Ayon sa mga ulat, ang dalawa ay sapilitang pinasakay ng mga ahente ng estado sa dalawang sasakayan.

Labis ang pag-aalala ng mga kaanak at grupo ng karapatang-tao sa kalagayan at kaligtasan ng dalawa dahil si Capuyan ay inakusahan ng AFP na lider BHB sa rehiyong Ilocos-Cordillera at may patong sa ulo na ₱1,850,000. Idinadawit siya sa mga kaso ng pagpatay, bigong pagpatay at tangkang pagpatay.

Samantala, si de Jesus ay upisyal sa impormasyon ng Philippine Task Force for Indigenous Peoples. Ang dalawa ay parehong alumni o dating estudyante ng University of the Philippines-Baguio.

Mga artista at manggagawa sa Hollywood, nagwelga

Hulyo 15, 2023

Ikinasa ng mga manggagawa ng Hollywood, katawagan sa industriya ng entertainmet sa US, ang kanilang welga noong Hulyo 14 matapos ang ilang buwang negosasyon sa malalaking kumpanya na kinakatawan ng Alliance of Motion Picture and Television Producers (AMPTP).

Ang mga aktor at iba pang manggagawa ay bahagi ng Screen Actors Guild - American Federation of Television and Radio Artists (SAG-AFTRA). Liban sa mga aktor sa pelikula at telebisyon, bahagi ng organisasyong ito ang mga mang-aawit,

mamamahayag, host ng mga programa, mga stunt performer at gumagampan ng mga voiceover.

Tulad ng ibang manggagawa, iginigiit ng myembro ng SAG-AFTRA ang dagdag-sahod na anila'y matagal nang dumausdos ang halaga dahil sa pagsirit ng implasyon. Palagiang sinasabi ng mga kumpanya na "naghihirap" ang industriya, pero ang totoo ay napakalaki nang kinikita ng mga ito gamit ang bagong teknolohiya tulad ng streaming services. Palaki nang palaki ang mga sweldo ng matataas na upisyal ng mga kumpanya, anila, habang nananatiling mababa ang sahod ng mga manggagawa.

Nahaharap din sila sa di makatarungang mga kundisyon sa paggawa at banta ng artificial intelligence (AI) sa industriya ng entertainment. Isa sa naging mitsa ng kanilang welga ang panukala ng mga mayor na kumpanya sa AMPTP na i-scan ang mga katawan ng mga aktor sa unang araw ng anumang proyekto at gamitin ang kanilang "likeness" na gawa ng kompyuter sa mga pelikula. Ibig sabihin, maaaring sa unang araw lamang i-employo at bayaran ang isang aktor at ang kanyang "likeness" na lamang ang gagamitin sa sumunod na mga eksena.

Bago tumigil sa trabaho at ikinasa ang welga ng mga manggagawa sa Hollywood, una nang nagwelga ang mga manunulat ng Writers' Guild of America (WGA). Tumigil silang magtrabaho mula Mayo 2 para igiit ang makatarungang sahod at katiyakan sa trabaho.

Ayon sa mga ulat, ito ang unang pagkakataon mula 1960 na sabay na nagwelga ang dalawang malalaking organisasyon.

Manggagawang pangkalusugan at kabataang boluntir, inaresto ng 85th IB sa Quezon

Hulyo 16, 2023

Dalawang aktibista ang inaresto 85th IB sa gawagawang kaso noong Hulyo 12 habang nagsasagawa ng pagsisiyasat sa komunidad sa Atimonan, Quezon. Inaresto sina Miguela Peniero, isang magsasaka at manggagawang pangkalusugan, at kabataang boluntir na si Rowena Dasig sa Purok Banaba, Barangay Caridad Ibaba sa kasong illegal possession of firearms and explosives, karaniwang ginagamit laban sa mga aktibista para arbitraryo silang arestuhin.

Ayon sa ulat, nasa komunidad ang dalawa para imbestigahan ang epekto ng pinaplanong itayo na cycle gas turbine power project at liquefied natural gas terminal plant sa naturang lugar. Ang proyekto na itatayo ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E), subsidyaryo ng Meralco PowerGen Corp, ay magkakaroon ng matinding epekto sa mga magkokopra at mangingisda sa bayan ng Atimonan.

Naunang pinlano ng A1E na magtayo ng isang coal-fired power plant sa Atimonan ngunit mariiin itong tinutulan ng mga taong-simbahan, grupo sa kalikasan at mga residente dulot ng banta sa

kalusugan, kabuhayan, at pangangamkam ng lupa mula sa mga magsasaka. Sa kasalukuyan, itinransporma ng A1E ang proyekto tungong cycle gas turbine power project at liquefied natural gas terminal plant na plano nitong simulan sa ikatlong kwarto ng 2023.

Pangawalang pagkakataon na ito ng iligal na pagaresto kay Peniero. Noong Pebrero 2012, sinampahan siya ng gawa-gawang kaso at hinuli ng 88th IB sa Calauag, Quezon. Nakalaya siya matapos ang walong taon ng hindi makatarungang pagkakapiit.

Sa ulat ng grupong Karapatan-Southern Tagalog, hindi pinayagan ng pulis at militar na makapasok kahapon, Hulyo 15, ang humanitarian team sa Atimonan Police Station para malaman ang kalagayan ng dalawa.

Binatikos ng grupo ang panggigipit sa mga kaanak at hindi pagkilala sa karapatan ng dalawang inaresto na mabisita ng pamilya at kanilang abugado. “Litaw ang luma nang taktika ng militar sa pagpapatagal ng proseso sa hindi nila pagpirma ng certificate of detention at sa pabago-bago nilang kwento ng kinaroroonan ng dalawa,” ayon pa sa grupo.

Tatlong mamamahayag, dinahas ng pulis habang nag-uulat

Hulyo 16, 2023

Iniulat ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) ang naganap na panghahas

ng mga pulis sa tatlong mamamahayag sa Barangay Jones, Pastrana, Leyte noong Hulyo 14. Ang mga mamamahayag na sina Lito Bagunas, Noel Sianosa at Ted Tomas ay nag-uulat kaugnay sa isang kaso ng pangangamkam ng lupa sa naturang lugar nang palayasin ng pulis na si Rhea Mae Baleos. Habang nagaganap ang pagpapalayas, nakarinig ang tatlo ng mga putok ng baril.

Ayon sa kwento ng mga mamamahayag, nag-iinterbyu sila ng mga magsasaka para alamin ang kaso na pang-aagaw ng lupa. Ang lupang inaagaw ay iginigiit ng mga magsasakang benepisyaryo ng repormang agraryo ng gubyerno.

Ganap na alas-9:30 ng umaga ay pinahinto at pinalayas sila ng babaeng pulis na si Baleos. Hinablot pa ng pulis ang selpon na ginagamit pang-bidyong ni Sianosa. Kita sa bidyo na naka-post sa social media ang ginawang panunulak at pisikal na pang-aatake ng babaeng pulis. Ilang minuto pagkatapos ng panggigitgit ng pulis, nakarinig ang tatlo ng magkakasunod na putok ng baril. Nakita umano ni Tomas na mga pulis na nakauniporme ang nagpapatok. “Wag kayong magpapatok. Mga media kami,” ang sigaw ni Tomas.

Sa isang pahayag kahapon, Hulyo 15, itinaggi ng tumatayong hepe ng Pastrana police na si Maj. Darwin Dalde na ang mga putok ay nagmula sa mga baril ng kanilang mga ahente, sa kabila ng malinaw na pahayag ng mamamahayag at maririnig sa bidyo ang mga putok.

Ang tatlong mamamahayag ay mga kasapi ng lokal na telebisyon na San Juanico TV.

Ang karahasan at panggigipit na dinanas ng mga mamamahayag ay dagdag sa 75 na kaso ng pag-atake sa kalayaan sa pamamahayag na naitala ng NUJP noong Abril 30 mula nang maupo sa poder si Ferdinand Marcos Jr.

US, nagpadala ng ipinagbabawal na cluster bombs sa Ukraine

Hulyo 16, 2023

Dumating na sa Ukraine noong Hulyo 13 ang ipinagbabawal na cluster bombs na naunang ipinangakong ibibigay ng US. Unang inanunsyo ang intensyon ng US na bigyan ang Ukraine ng gayong mga armas noong Hulyo 7, sa isang hakbang na taliwas sa unang mga pahayag ng presidente nitong si Joseph Biden. Ang mga cluster bomb ay ipinadala sa bansa dahil nauubusan na ng bala ang hukbo nito sa ginagawang “kontra-opensiba” sa gerang proxy ng US laban sa Russia. Bahagi ang mga ito ng panibagong pakete ng ayudang militar ng US para sa Ukraine na nagkakahalaga ng \$800 milyon.

Noong Hulyo 10, hindi bababa sa 11 bansa ang nagpahayag ng pagkabahala sa desisyon ng US. Kabilang dito ang Laos at Cambodia, at mga bansa na nakapaloob sa NATO tulad ng Belgium, Canada, Germany, Italy, Norway, Spain, at the United Kingdom. Tutol din ang pinuno ng United Nations.

Sa Pilipinas, mariin itong kinundena ng Partido Komunista ng Pilipinas, gayundin ng mga demokratiko at maka-kapayapaang organisasyon sa bansa. Ang pagpapadala ng gayong mga armas ay magpapatagal at magpapaigting sa gerang proxy ng US laban sa Russia, sa kapinsalaan ng mga sibilyan.

Tulad ng inaasahan, tahimik sa usaping ito ng papet na Armed Forces of the Philippines. Kabalintunaan ito sa kanilang walang batayang pagrereklamo laban sa paggamit ng command-detonated explosive ng Bagong Hukbong Bayan, na hindi ipinagbabawal sa Anti-Personnel Mine Ban Convention o Ottawa Treaty dahil hindi ito indiscriminate o walang pinipili.

Sa kabilang banda, labag sa internasyunal na makataong batas ang paggamit ng mga cluster bomb dahil isa itong klase ng armas na indiscriminate at mapaminsala sa mga sibilyan. Ang isang cluster bomb ay bomba na naglalaman ng maraming mas maliliit na bomba o bomblet. Pinapakawalan ito mula sa lupa o eroplano at sumasabog sa ere at nagpapakawala ng puu-puo o daan-daang bomblet na bumabagsak sa malawak na erya.

Hindi lahat ng mga bomblet ay sumasabog at nababaon na sa lupa at nagiging land mine. Maari itong sumabog kapag naapakan ninuman. Ayon sa mga pag-aaral, hanggang 40% ng mga bomblet ang hindi kaagad sumasabog. Naranasan ito sa mga bansa kung saan ginamitan ng mga cluster bomb. Isa dito ang Laos, na binagsakan ng US ng mahigit 20 milyong tonelada ng cluster munitions

noong dekada 1970 at kung saan 30% ng mga bomblet ang di agad sumabog. Tinatayang 20,000 sibilyan, kalahati ay mga bata, ang namatay o nasugatan sa nakabaong mga bomba nito mula 1975.

Dahil sa pinsalang dala nito sa mga sibilyan, mahigit 120 bansa ang pumirma sa isang kasunduan noong 2008 para ipagbawal ang produksyon at paggamit ng mga cluster bomb. Bukod sa China at Russia, hindi rin kabilang sa mga pumirma ang bansang US, na nananatiling pinakamalaking kapangyarihang militar na nagmamanupaktura at gumagamit ng gayong mga armas hanggang sa kasalukuyan.

Limang magsasaka, binugbog ng 62nd IB sa Canlaon City

Hulyo 18, 2023

Magkakasunod na kaso ng pambubugbog ang naitala sa Barangay Budlasan, Canlaon City, Negros Oriental noong Hulyo 6. Limang magsasaka na pinag-itan at pinagbibintangan ng 62nd IB na may kaugnayan sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang arbitraryong ininteroga at binugbog.

Unang binugbog ng mga sundalo ang 40 anyos na si Edward Sandot sa Sityo Uyangan bandang alas-5 ng umaga. Pinasok at hinalughog ng mga sundalo ang bahay ng pamilya ng biktima. Nasaksihan ng asawa ni Sandot at kanyang mga anak ang pambubugbog ng mga sundalo na nagdulot ng labis na troma sa kanila.

Ilang oras pagkatapos ng insidente, binugbog ng parehong yunit ng militar si Budok Sandot sa Sityo Hinumayan. Halos hindi makatayo ang biktima dulot ng labis na pananakit. Pinag-itan din ng mga sundalo si Christopher Sandot na taga-Sityo Uyangan nang pumunta sa bahay ni Budok para magbayad ng utang. Binugbog din siya ng militar.

Pinuntahan at sinaktan din ng mga sundalo si Joselito Patulada sa Sityo Katuguisan. Kasabay nito ang pananakit din ng tropang militar kay Roberto Francisco ng Sityo Uyangan.

Ang pananakit at pambubugbog ng mga sundalo sa mga sibilyan ay tahasang paglapastangan sa mga internasyunal na makataong batas at mga batas ng digma na nagbibigay ng proteksyon sa mga sibilyan at di-kombatant saan man may armadong sigalot.

Ipinagbabawal sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions ang anumang hakbang na magreresulta sa pagdurusang pisikal o pagpuksa sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon nito. Anito "...hindi lamang ito aplikable sa pagpatay, tortyur, pananakit, mutilation (pagputol sa anumang bahagi ng katawan) ...kundi maging sa iba pang pamamaraan ng brutalidad, gawa man ng ahenteng sibilyan o militar."

Labag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Ang 62nd IB ay responsable sa iba pang mga pasistang krimen, kabilang ang pagmasaker sa mag-inang Jacolbe sa Guihulngan City noong Hulyo 2022. Pinatay ng 62nd IB sa pamamaril sa isang kubo sa Sityo Banderahan, Barangay Trinidad, Guihulngan City, Negros Oriental ang natutulog na 5-buwang buntis na si Cristina Jacolbe at kanyang 16-anyos na anak na si Everly. Kasama ng mag-ina na napatay ang kamag-anak nilang si Roldan Montero.

Manggagawang pangkalusugan ng RITM, nagprotesta

Hulyo 18, 2023

Naglunsad ngayong araw ng protesta ang mga manggagawang pangkalusugan sa Research Institute for Tropical Medicine (RITM) para igiit ang dagdag-sahod at pagbibigay ng mga naantalang alawans at para ipahayag ang pagtutol sa planong pag-abolish sa RITM ng rehimeng Marcos Jr. Anila, magdudulot ng malawakang tanggalan ang planong pag-abolish sa RITM para bigyang daan ang pagtatayo ng Philippine Center for Disease Prevention and Control (PCDPC).

“Sa ngayon, hindi lamang nakahahawang mga kaso ang nagsasapanganib sa atin, o mababang sahod at hindi pagbabayad ng alawans at bonus, kundi ang kinahaharap na abolisyon ng ating ospital at kaakibat nitong malawakang tanggalan,” ayon kay Romeo Garcia, pangulo ng RITM Employees Association-Alliance of Health Workers (AHW).

Sang-ayon sa tinatawag na “kalusugan para sa lahat” na adyenda ng rehimeng Marcos, isa sa mga prayoridad nito ang pagsasabatas ng panukalang magtatayo ng Philippine Center for Disease Prevention and Control. Sa kasalukuyan, aprubado na ito sa House of Representatives at may panukala na rin sa Senado.

Nakasaad mismo sa panukala ang malawakang tanggalan ng mga manggagawang pangkalusugan dulot ng pagbabawas ng mga tauhan ng ospital. Ang mga apektadong empleyado ay maaaring “boluntaryong umalis” sa serbisyo sa loob ng anim na buwan matapos ang epektibidad ng batas kapalit ang karampatang kabayaran.

Ang pagtatayo ng PCDPC ay sa bisa ng sosyohang pribado at publiko na tiyak tutungo sa pribatisasyon ng ospital. Kaakibat nito ang pagpapanatiling mababa sa sahod at bulok na serbisyo sa ngalan ng kita ng negosyo.

Tuluy-tuloy ang mga pagkilos at protesta sa ospital ng mga unyon ng mga manggagawang pangkalusugan sa nagdaang mga linggo. Matatandaang naglunsad ng magkakasunod na protesta at pangangalampag ang mga unyon sa limang ospital sa pangunguna AHW ng noong Hunyo 23 at Hunyo 27. Iginigiit nila kay Marcos Jr ang ₱33,000 na sahod ng mga bagong manggawang pangkalusugan sa pampubliko at pribadong ospital.

US, nanunulsol ng gerang nukleyar sa Korea

Hulyo 18, 2023

Isang hakbang tungo sa gerang nukleyar ang sadyang ginawa ng US nang ipalayag nito sa karagatan ng Korea ang isang submarinong nagdadala ng mga armas nukleyar nitong Hulyo 18. Ibinalita sa iba't ibang pahayagan ang kauna-unahang pagdaong ng naturang submarino sa Busan, South Korea sa loob ng apat na dekada. Huling nagpadala ng gayong submarino ang US sa Korea noong 1981. Unang inansyo ang pagdaong ng submarinong maarong magpakawala ng mga ballistic missile sa Korea noong Abril.

Kasabay nito, isinagawa ng US at tuta nitong estado sa South Korea sa unang pagkakataon ang Nuclear Consultative Group sa Seoul, kabisera ng bansa. Tinalakay sa pulong ang “pagpapaulad sa koordinasyong nukleyar” ng dalawang bansa at pagpapasigla ng “kahandaang militar” laban sa North Korea. Naganap ang pagpupulong sa gitna ng walang patid at malalaking war game sa pagitan ng dalawang bansa sa palibot ng North Korea.

Ang pagdaong ay bahagi ng papatinding panunulsol ng US para maglaban ang dalawang bahaging South at North Korea. Kasalukuyang nasa “pinakamababang antas” ang relasyon ng dalawang Korea dahil sa walang tigil na panunulsol ng US at lubos na pagpapakatuta ng presidente ng South Korea na si Yoon Suk Yeol.

Mariing kinundena ng Democratic People's Republic of Korea ang panunulsol ng US. Ayon sa pahayag ni Kim Yo Jong, kapatid ng kasalukuyang lider ng bansa na si Kim Jong Un, lalo nitong pinalalabo ang posibilidad ng pagkakaroon ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng dalawang Korea. Handa ang bansa na labanan ang mga hakbang ng US na yurakan ang kanilang soberanya, aniya.

ICC, ibinasura ang apela ng rehimeng Marcos kaugnay ng imbestigasyon sa “gera kontra-droga”

Hulyo 19, 2023

Ibinasura kahapon, Hulyo 18, ng International Criminal Court (ICC) ang apela ng rehimeng Marcos at ilang mambabatas na itigil ang isinasagawa nitong imbestigasyon sa bansa kaugnay ng pamamaslang sa ilalim ng gera kontra droga o Oplang Tohang na ipinatupad ng rehimeng Rodrigo Duterte.

Tatlo sa limang huwes na sina Judge Solomy Balungi Bossa ng Uganda, Luz del Carmen Ibáñez Carranza ng Peru, at Piotr Hofmański ng Poland ang nagdesisyong tanggihan ang apela dahil sa kawalan ng malinaw na batayan nito.

Samantala, nagprotesta ang mga pamilya ng mga biktima ng Oplan Tokhang, abugado, at grupo ng karapatang-tao para igiit ang hustisya. Anila, handa silang makipagtulungan sa ICC para sa pagtutuloy ng imbestigasyon.

“Patuloy po kaming magsasalita, patuloy po kaming maghahanap ng hustisya, patuloy po kaming lalaban! Hindi na presidente si Duterte pero tuluy-tuloy pa rin ang patayan. At kami na nga ang naagrabyado, bakit kami ang mangingimi o mahihiya? Sa totoo, hindi mapapawi yung sakit ng pagkawala dahil lang sa sinabi ngayon ng ICC. Mapapawi ito ng panahon, ng pagkilala at pagpapakumbaba ng mga umagrabyado, at ng pagpapanagot sa maysala.” ayon kay Amy Jane Lee, myembro ng grupong Rise Up.

Inaanyayahan rin nila na makipagtulungan pa ang mga pamilya ng iba pang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang, taong-simbahan, at mga grupo na makiisa sa pagbubuo ng mga dokumento at ebidensya na makakatulong sa imbestigasyon at makamit ang hustisya at pagpapanagot sa mga nasa likod ng patakaran.

Malugod na sinalubong ng mga grupong nagtatanggol sa karapatang-tao at mga demokratikong organisasyon ang pinakahuling desisyon ng ICC. Binatikos ng mga ito ang hungkag na mga palusot ng nagdaang rehimen, pati na rin ng kasalukuyang rehimeng Marcos na patuloy na tumatangging kilalanin ang hurisdiksyon ng ICC sa mga kasong isinampa.

“Panahon para tigilan ni Mr. Marcos at ng gubyrerno ng Pilipinas ang paggamit sa usapin ng soberanya tuwing naisin ng mga nasa poder na takasan ang kanilang pananagutan sa internasyunal na mga kasunduan, laluna kaugnay sa malalalang paglabag sa karapatang-tao at mga krimen laban sa sangkatauhan,” pahayag ni

Renato Reyes, presidente ng Bagong Alyansang Makabayan.

Samantala, patuloy na nagmamatigas ang mga salarin na kinasuhan sa ICC. Nang tanungin sa kanyang reaksyon, nagawa pa senador na si Ronald dela Rosa na sabihing “wala siyang pakialam.” Si de la Rosa ay dating hepe ng Philippine National Police na pangunahing nagpatupad ng “gera kontra-droga.” Liban kay de la Rosa at Rodrigo Duterte, nabanggit din sa mga dokumento ng ICC sina Sarah Duterte at Bong Go.

Marcos, inulan ng batikos sa tusong pagpirma sa Maharlika Bill

Hulyo 19, 2023

Tusong pinirmahan ni Ferdinand Marcos Jr kahapon, Hulyo 18, ang batas na nagtatatag sa Maharlika Investment Fund. Walang isinapublikong kopya ang Malacañang sa pinal na bersyon ng panukala, na ilang linggo pang “inayos” matapos ipinasa ito sa Senado at Kongreso. Ibig sabihin, inilingid sa publiko at maging ng mga kongresista kung ano ang nilaman ng pinirmahan ni Marcos. Malala, inamyendahan ang panukala sa pamamagitan ng “Viber,” isang messaging app.

“Bakit nila itinatago sa taumbayan ang panukala? After all (kung tutuusin) pera ng taumbayan yan,” pahayag ni Neri Colmenares, chairperson ng Bayan Muna. “Sabi nila magiging accesible at transparent ang impormasyon kung paano gagamitin ang P500 bilyong pampublikong pondo.

(Pero) kung batas pa lang ay itinatago na nila, lalupa siguro kung mali na ang gamit nila sa (pondo.)”

Isa sa mga kontrobersyal na probisyon ng panukala ang paggamit ng pondong pensyon ng milyun-milyong manggagawa at kawani na nakalagak sa GSIS at SSS. Bagamat tahasang isinaad na hindi gagamitin ang mga pondong ito para itatag ang MIF, hindi nito ipinagbawal na maglagak ng pondo ang dalawang institusyon sa hinaharap.

Ipinagmamalaki ni Marcos na hindi siya uupo sa pamunuan ng itatayong Maharlika Investment Corporation (MIC) na mamamahala sa pondo para diumano hindi ito “mahaluan ng pulitika.” Pero ang totoo, lahat ng magiging upisyal nito, mula sa tatayong chairperson na kalihim sa pinansya, hanggang sa iba pa nitong upisyal, ay pawang hinirang o hihirangin ni Marcos.

Ayon kay Colmenares, naghahanda ang Bayan Muna na maghain ng petisyon sa Korte Suprema para pigilan ang batas at sagipin ang bilyun-bilyong pondo ng bayan mula sa korapsyon at abuso.

Isa pang grupo, ang Tama Na (Taumbayan Ayaw sa Maharlika Fund Network Alliance), ang naghahanda ng kaso laban dito. Anito, halos lahat ng mga grupo ng mga ekonomista na kumakatawan sa iba’t ibang pulitikal na tendensya, ay tutol sa MIF dahil wala itong sapat na pagtitiyak na kikita ang pera ng mamamayan at

hindi ito dadambungin o gagamitin para paburan ang ilang korporasyon.

Kahapon, nagtungo sa tulay ng Mendiola malapit sa Malacañang ang mga grupo ng kabataan para kundenahin si Marcos. Nagsagawa ng hiwalay na protesta ang mga magsasaka sa Quezon City.

Militarisadong komunidad sa Kalinga, hinatiran ng tulong ng mga grupo

Hulyo 19, 2023

Naghatid ng tulong ang iba't ibang mga grupo sa militarisadong bayan ng Balbalan, Kalinga noong Hulyo 9 at Hulyo 10. Inilunsad ito para suportahan ang komunidad na simula pa Marso ay kumakaharap na sa matinding militarisasyon dahil sa mga operasyong kontra-insurhengsyang ng 5th ID sa lugar.

Ang paghahatid ng tulong ay isinagawa ng Serve the People Brigade (STPB) na binubuo ng mga organisasyong kasapi ng Cordillera Peoples Alliance (CPA) at Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), mga taong simbahan at institusyon ng karapatang-tao. Naghatid sila ng ayudang pagkain at suplay sa mga barangay ng Gawa-an at Poswoy para makaagapay sa mga pangangailangan ng mga residente. Tinatayang 247 sambahayan ang napaabutan ng tulong.

Inilunsad ang aktibidad matapos hilingin noong Hunyo ng Gawaan Farmers' Association (GFA) at ng Poswoy Farmers' Association for Development (PFAD) ang tulong at ayuda mula sa Timpuyog

dagiti Mannalon ti Kalinga (TMK) na kasapi ng CPA. Kaugnay ito ng inaasahang kakulangan sa pagkain sa komunidad dahil sa pagbaba ng ani ng mga magsasaka dulot ng mga restriksyong ipinataw ng mga sundalo ng 5th ID.

Nagsimula ang operasyong kombat ng 5th ID sa Balbalan noong maagang bahagi ng taon at tumindi noong Marso kung saan nagsagawa ng walang-patumanggang pamboboba at panganganyon ang mga sundalo sa Barangay Gawa-an.

Sa salaysay ng mga magsasaka sa barangay, hindi nila naasikaso ang irigasyon ng kanilang mga pananim dahil sa matinding operasyong militar. Napabayaan din nila ang mga tanim na kape na nangabulok at hindi napakinabangan. Ganito rin ang sinapit ng Barangay Poswoy noong Mayo.

Nagtangka ang AFP na harangin ang ayuda sa mga residente. Pinilit ng 5th ID ang lokal na gubyrno ng Balbalan, Kalinga na pigilan ang pagpasok ng mga tulong sa naturang mga barangay sa kabila ng naunang pagpayag ng lokal na gubyrno. “Ngunit matapos ang gabi at araw ng pakikipag-usap sa mga lokal na upisyal, nakapagpatuloy tayo sa distribusyon ng tulong,” ayon sa grupo.

“Naisakatuparan natin ang ating aktibidad dahil sa kolektibong paninindigan ng mga komunidad at samahang magsasaka sa Gawa-an at Poswoy at natiyak nila ang pakikipagtulungan ng kanilang mga upisyal sa barangay,” ayon pa sa STPB. Binatikos nila ang panggigipit ng militar at

kinundena ang pagpigil sa makataong tulong sa naghihirap na mga magsasaka sa kalagayang animo'y nakapataw ang batas militar sa lugar.

Walang-awat na aerial bombing sa kanayunan, binatikos ng mga grupo

Hulyo 19, 2023

Inirehistro ng mga grupo sa karapatang-tao sa pangunguna ng Karapatan ang kanilang pagtutol sa inilulunsad na kampanyang aerial bombing ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa maraming panig ng bansa sa ngalan ng kampanyang kontra-insurhensya. Nagprotesta sila sa hedkwarters ng AFP sa Quezon City noong Hulyo 17 kaugnay nito.

Ayon sa mga nagprotesta, ang mga pambobomba at panganganyon ay “nagresulta sa malawak na pisikal at ekonomikong pagpapalayas sa mga sibilyan.” Giit pa ng pangkalahatang kalihim ng grupo na si Cristina Palabay na maituturing na paglabag sa internasyunal na makataong batas ang mga pambobomba.

Sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr, naitala ng Karapatan bilang pinakanotoryus ang walang patumanggang panganganyon at istraping ng 94th IB sa Himamaylan City, Negros Occidental noong Oktubre 6 at 8, 2022. “Ang mga pambobombang ito sa Himamaylan ay nagresulta sa humanitarian crisis dahil sa sapolitang ebakwasyon ng aabot sa 15,024 indibidwal o halos 14% ng populasyon dito,” ayon pa sa grupo.

Binatikos ng grupo ang inihahatid na pinsala at kaswalti nito sa mga sibilyan at pagkawasak ng sibilyang mga istruktura at kagamitan, laluna ang mga sakahan na pangunahing pinagkakabuhayan ng mga magsasaka. Nagdudulot din ito ng pinsala at pagkawasak sa kalikasan at lupang ninuno, ayon sa grupo.

Walang-tigil ang mga pambobomba simula pa sa panahon ng dating rehimeng Duterte, ayon sa Karapatan. Naitala ng grupo ang may 378,203 biktima sa 13 rehiyon sa ilalim ng rehimen. Pinakamalaki at pinakamapaminsala dito ang pambobomba at pagpulbos sa Marawi City ayon sa grupo.

Ayon sa grupo, na-monitor nito ang hindi bababa sa 108 insidente ng aerial bombing, 66 panganganyon, at 49 pag-iistraping sa ilalim ng rehimeng Duterte. “Ang kampanyang pambobomba na ito ay isinagawa sa 36 prubinsya (o 44% ng mga prubinsya sa bansa,” ayon sa Karapatan.

Samantala, naitala ng grupo ang 6,931 biktima ng pambobomba ng AFP sa kanayunan sa unang taon ni Marcos Jr. Kabilang sa mga kasong ito ang panganganyon sa Barangay Culaman, Malaybalay City, Bukidnon noong Marso 13 at Marso 15; pambobomba at istraping sa Bongabong at Bansud sa Oriental Mindoro noong Mayo 8; at pagpapasabog sa bulubundukin ng Katarugan sa Barangay Lobo, Cantilan, Surigao del Sur noong Mayo 11.

“Ang mga sibilyan, laluna ang kababaihan at bata ang nagdurusa sa pinatinding operasyong kontra-insurhensya na kadalasan ay may kaakibat na walang patumanggang pambobomba at itrapping. Nawawalan sila ng kabuhayan dahil napipilitan silang lisanin ang kanilang mga bahay, at iwan ang kanilang mga tanim at alagang hayop nang mahabang panahon,” ayon kay Palabay.

Iginiit nila sa protesta na dapat nang wakasan ang kampanyang ito ng aerial bombing ng AFP. Tinawag ito ng grupo bilang “isa sa pinakamalulubhang paglabag sa karapatang taon at internasyunal na makataong batas.”

Kaso para bawiin ang ₱1.05 bilyong nakaw na yaman ni Marcos Sr, ibinasura ng Korte Suprema

Hulyo 20, 2023

Inilabas ng Korte Suprema noong Hulyo 19 ang pinal na desisyon kaugnay sa pagbabasura sa kaso laban sa ₱1.05 bilyong nakaw na yaman ng pamilya Marcos at mga kroni nito. Sa desisyong nabuo noon pang Marso 29, sinabi ng korte na “walang sapat na ebidensya” ang estado ng Pilipinas na sabihing ninakaw ang mga ito. Sinuhayan nito ang desisyon ng Sandiganbayan noong Setyembre 25, 2019.

Ang kaso para bawiin ang nakaw na yaman ay isinampa ng Presidential Commission on Good Government (PCGG) noong 1987. Kasamang pinangalanan sa isinampang kaso si Imelda

Marcos, at ang mga pamilyang Tantoco at Santiago na kilalang kroni ng mga Marcos.

Kinundena ng grupong Campaign Against the Return of the Marcoses and Martial Law (CARMMA) ang desisyon ng korte. Anila, nakakabahala ang padron at pagiging paulit-ulit na pagdedesisyon ng mga korte sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr.

“Kinukundena namin ang maraming beses na pagbabasura sa mga kaso para mabawi ang perang kinuha ng mga Marcos mula sa pampublikong pondo at sa pamamagitan ng burukrasya ng gobyerno, ang pagpapalit ng dating pinuno ng BIR na si Lilia Guillermo matapos niyang ipahayag sa publiko na ang lahat ng mga Pilipino kabilang ang mga pangulo at mga Marcos ay may pananagutan sa pagtiyak sa pagbabayad ng mga buwis sa ari-arian, at ang patuloy na hindi pagbabayad ng matagal nang nakatakdang buwis sa ari-arian.” ayon sa grupo.

“Hinihiling namin ang buong pagbabalik ng mga ninakaw na pondo ng mga Marcos at sila ay ganap na managot sa malawakang pandarambong at matinding paglabag sa karapatang pantao noong panahon ng diktadurang Marcos.”

4,000 manggagawa ng dayuhang mga pabrika sa Cebu, sinisante

Hulyo 21, 2023

Mahigit 4,000 manggagawa ang nawalan ng trabaho sa isa na namang serye ng mga tanggalan

sa Mactan Export Processing Zones (MEPZ) noong Hulyo 19. Bago nito, mahigit 8,000 na ang sinisante sa loob ng sona ng paggawa noong Setyembre 2022 at Setyembre 2020 sa pagdadahilang “nalulugi” ang mga kumpanya.

Sa ulat ng Alyansa sa mga Mamumuo sa Sugbo-Kilusang Mayo Uno (AMA Sugbo-KMU), ang mga manggagawang ito ay nasa mga pabrika na nagmamanupaktura ng kasuotan. Napabalitang magsasara na ang Mactan Apparel Inc, at kapatid nitong mga kumpanyang MAI Printing at FIT printing. Ang mga pabrika nito ay nagmamanupaktura ng kasuotan para sa malalaking kumpanyang tulad ng Adidas. Bahagi ang mga kumpanyang ito ng Sports City conglomerate, na sinasabing pinakamalaking employer ng MEPZ.

Ililipat ng kumpanya ang operasyon nito sa ibang bansa kung saan mas mababa pa kumpara sa Pilipinas ang sahod ng mga manggagawa para “makatipid” sa gastos ng produksyon. Ito ay sa kabila ng bilyun-bilyong kinikita ng mga kumpanyang sinusuplayan ng produkto. Noong 2023, kumita ang kumpanyang Adidas ng \$23.6 bilyong, mas mataas sa \$21.3 bilyong kita nito noong 2021.

“Ginawa lamang palabigasan ang mga manggagawa para sa supertubo ng mga dayuhang kumpanyang ito na direktang namuhunan sa ating basa,” ayon ka Jaime Paglinawan, AMA Sugbo-KMU chairperson. Liban sa Adidas, marami sa mga kumpanya sa garment ang naglilipat ng

operasyon sa ibang bansa para magbawas ng gastos sa produksyon.

Aniya, pinanatili ng gubyrerno sa Pilipinas na mababa ang sahod ng mga manggagawa para gawing “globally competitive” at maakit ang dayuhang kapitalista na mamuhunan sa bansa. Kasabay ito ng mga ibinibigay na mga insentiba tulad ng mga tax break (hindi pagsingil ng buwis), at iba pang subsidyo laluna sa mga kumpanya sa loob ng mga export processing zone tulad ng MEPZ.

“Isang taon na mula nang maupo ang administrasyong Marcos Jr pero nananatili siyang inutil sa pagharap sa mga problema sa paggawa,” ayon kay Paglinawan.

Sa kasalukuyan, nasa ₱435 lamang ang minimum na sahod sa Central Visayas (Region 7) para mga manggagawa sa mga empresang hindi agrikultural habang ₱394 ang para sa agrikultural. Hindi pa dinidinig ang petisyon ng mga manggagawa na dagdag ₱100 sa Metro Cebu at Bohol. Sa kalkulasyon ng Ibon Foundation, nasa ₱1,228 ang nakabubuhay na sahod para sa isang lima-ka-taong pamilya sa rehiyon noong Mayo.

“Nagtitiis ang mga manggagawa sa di nakabubuhay na sahod, di ligtas na kundisyon sa paggawa, at kawalang katiyakan sa trabaho dulot ng (patakaran) ng gubyrerno na kontraktwalisasyon,” ayon kay Paglinawan. “(Ito) ang nagpadali sa malawakang tanggalan sa MEPZ.”

Grupo ng mga estudyante, naghapag ng pusisyon laban sa pagtaas ng matrikula sa CHED

Hulyo 21, 2023

Nagsumite ng position paper sa Commission on Higher Education sa Quezon City ang mga estudyante mula sa iba't ibang unibersidad sa Metro Manila upang tutulan ang dagdag sa matrikula at iba pang singilin ng mga pamantasan, kahapon, Hulyo 20.

Nauna silang tumungo sa naturang ahensya noong Abril 30 at Hunyo 21 upang iprotesta ang nakaambang pagtataas ng matrikula. Hindi tinutugunan ng CHED ang kanilang hinaing sa kabila ng pabalik-balik nilang pagdulog.

Bago ang pormal na pagpasa ng dokumento sa ahensya, pinangunahan ng grupong Rise for Education Alliance ang pagsasagawa ng press conference sa harap mismo ng CHED upang ipresenta ang kalagayan ng mga estudyante sa iba't ibang unibersidad.

Dito, nagsalita ang representante mula sa Ateneo de Manila University na tumututol sa 6% na pagtaas ng matrikula sa unibersidad. Aniya, umaabot ng ₱100,747.60 ang isang semestrenghang may 20 na yunit. Isiniwalat niya rin ang kawalan ng demokratikong proseso sa alokasyon ng badyet at pagbubuo ng mga patakaran ng administrasyon ng Ateneo.

Lumahok din sa pagkilos ang representante mula sa University Student Council ng University of the East sa kampus ng Maynila na iginiit ang pagtutol sa ipinataw na 9.5% pagtaas sa kanilang matrikula sa 2023-2024 na taong pang-akademiko. Mula ₱50,000 ay tumaas tungong ₱70,000 ang matrikula ng isa sa mga kolehiyo. Aniya, “napakalaking pasakit at dagok nito sa kapwa estudyante na working student o kabilang sa mga single income household.”

“Hindi tayo titigil at hindi natin hahayaan na tapakan at tanggalan (tayo) ng karapatang mangarap ng malalaking pribadong unibersidad nang walang bahid ng pananagutan,” pangako ng mga estudyante.

Maliban sa 3% na pagtaas ng matrikula sa Far Eastern University, nireklamo rin ng tagapagsalita mula sa Council of Student Organization ng FEU ang kawalan ng sapat na serbisyo ng unibersidad, kawalang kaayusan sa enrollment system, at kakulangan ng mga propesor. “Hindi na nga namamaximize ang tuition, ito ay itataas pa,” aniya.

Nanawagan rin ang mga nagprotesta sa lahat ng mga estuyante hindi lamang sa National Capital Region kundi pati sa karatig na mga prubinsya na magkaisa at patuloy na isulong ang karapatan sa edukasyon.

Opereytor ng mga trak, umalma sa matarik na pagtaas ng toll fee

Hulyo 21, 2023

Nagprotesta ang isang grupo ng mga opereytor ng mga trak kahapon, Hulyo 20, sa bungad ng North Luzon Expressway sa Balintawak, Quezon City, para batikusin ang walang awat na pagtaas ng toll fee o singil para makadaan dito. Nagpaabot na ang grupo ng petisyon sa Toll Regulatory Board, pero hindi ito inaksyunan ng ahensya dahil lagpas na diumano sa dedlayn ang kanilang pagprotesta.

Itinaas ng NLEX ang toll fee noong Hunyo 15 nang ₱19 hanggang ₱100 para sa malalaking sasakyan. Mula sa petsang ito, ₱995 na ang toll fee ng mga Class 3 na sasakyan, kung saan nabibilang ang mga trak, mula sa bungad nito sa Mindanao Avenue hanggang sa St. Inez, Pampanga. May haba itong 101.8 kilometro.

Liban sa napakataas na toll fee, inirereklamo rin ng grupo ang masamang serbisyo ng NLEX at trapik na nagdadagdag sa kanilang gastos sa petrolyo.

Sa isang panayam, sinabi ng lider ng grupo na tiyak na ipapasa ang dagdag na singil sa mga konsyumer dahil patong-patong na ang idinagdag sa gastos ng mga nagbibiyaheng trak.

Isa namang “truck caravan” na lalahukan ng 50 trak ang isasagawa ng ACTOO ngayong araw, Hulyo 21, sa Lungsod ng Maynila para ipanawagan ang pagbaba ng toll fee. Humingi sila ng pasensya sa publiko sa tiyak na idudulot nitong pagbagal sa trapik.

“Pasensya na po at kailangan po namin itong gawin upang maiparating sa kinauukulan ang

ating hinaing,” pahayag ng grupo. “Kami po ay lumalaban para itigil ang pagtaas ng Toll Fee sa NLEX Corporation. Kasama po kayo sa laban na ito, dahil ang pagtaas ng toll fee ay mangangahulugang tatas din ang presyo ng mga bilihin...pagkain at iba pang kailangan ng transportasyon.”

Ang NLEX ay pinatatakbo ng Metro Pacific Tollways Corporation (MPTC) na bahagi ng MVP Group of Companies. Kabilang sa grupo ng mga kumpanyang ito ang higanteng kumpanyang telekomunikasyong Smart/PLDT, Metro Pacific Investments Corporation, Makati Medical Center at iba pang ospital, kumpanyang Meralco at marami pang iba. Pinamumunuan ang grupong ito ni Manny Pangilinan.

Noong 2022, nagtala ang MPTC ng ₱14.2 bilyon netong kita, mas mataas nang 15% kumpara sa nakaraang taon.

NDF-Rizal, binatikos ang Wawa-Violago Dam sa harap ng pagguho sa Antipolo City

Hulyo 22, 2023

Nakiramay ang National Democratic Front (NDF)-Rizal sa pamilya ng nasawi at mga naapektuhan ng pagguho ng lupa noong Hulyo 16 sa Antipolo City. Kasabay nito, binatikos ng rebolusyonaryong alyansa ang nagpapatuloy na mapanirang proyektong Wawa-Violago Dam sa prubinsya, na anito’y makapagpapalala pa ng katulad na mga

sakuna sa naturang mga barangay ng Antipolo City.

Namatay sa insidente si Dina Saban, 41, matapos ang tuluy-tuloy na pag-ulan sa lugar. Natabunan ng lupa ang 14 na bahay, kabilang ang kay Saban, at naapektuhan ang 22 pamilya sa Vista Grande Subdivision, Barangay Sta. Cruz.

Sa ulat National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC), isang bahagi ng bundok sa naturang lugar ang bumigay sanhi ng malakas na pag-ulan. Gumuho ang malalaking tipak ng bato at lupa sa mga kabahayan bandang alas-8:00 ng gabi ng Hulyo 16.

Ayon sa NDF-Rizal, ang pagguho ng lupa ay “patunay ng lumalalang krisis sa klima bunsod ng mapangwasak na aktibidad ng mga korporasyon ng mga monopolyo kapitalistang dayuhan, malalaking burgesya-kumprador at uring panginoong maylupa.”

“Dapat na magsilbing babala ang naganap na landslide...Dapat lalong palakasin ang tinig ng mamamayan laban sa naturang proyekto,” ayon kay Armando “Ka Arms” Guerrero, tagapagsalita ng NDF sa prubinsya.

Hindi malayong mas malulubhang pinsala pa ang sasapitin hindi lang sa Barangay Santa Cruz at Antipolo City, kundi ng iba’t ibang bayan sa Rizal, oras na maitayo ang Wawa-Violago Dam. “Mas malalaking baha ang nakaamba sa panahon ng tuluy-tuloy na bagyo,” aniya.

Ang Wawa Bulk Water Supply Project o Wawa-Violago dam ay proyekto ng Wawa JVCo, sosyohan ng malaking burgesyang komprador at kroning si Enrique Razon Jr. at Oscar Violago ng San Lorenzo Ruiz Builders and Developers.

Pinopondohan ito ng pautang mula sa China sa kundisyong mga kumpanyang Chinese ang makikinabang sa proyekto. Isa rito ang PowerChina na nakakontrata para sa disenyo, pagsuplay ng materyal at konstruksyon ng dam.

Noong Hunyo 2022, pinasinayaan ni Razon ang Tayabasan Weir (mababang dam na may taas na 25 metro) na Phase I ng proyekto. Iniraratsada ngayon ang konstruksyon ng mas malaki at mas mapaminsalang Upper Wawa dam na sumasaklaw sa lupang ninuno ng mga Dumagat/Remontado. Walang patid na 24 oras na binubuldoser ang mga sakahan sa paligid ng proyekto. Tuluy-tuloy din ang pasabog sa kabundukan.

Muling nanawagan ang NDF-Rizal sa mga mamamayan ng Rizal na manindigan laban sa naturang mapanirang proyekto. “Sa sama-samang paglaban, maipagtatanggol at mapangangalagaan ang buhay at kalikasan,” giit ni Guerrero.

Bayad-utang, dumoble sa ilalim ng rehimeng Marcos

Hulyo 24, 2023

Katambal ng walang awat na pangungutang ang papalaking pondong ipambabayad para rito. Noong Mayo, umabot na sa ₱14.10 trilyon ang utang ng Pilipinas dulot ng kaliwa’t kanang

pangungutang ni Ferdinand Marcos Jr, at ng nauna sa kanyang rehimen ni Rodrigo Duterte. Pinakamalamang na lalampas ito sa inaasahang ₱14.63 trilyong utang para sa buong 2023. Lalampas dito ito sa target ng rehimen Marcos Jr na 60% debt-to-GDP ratio para sa taon, o relatibong laki ng utang kumpara sa halaga ng buong ekonomya.

Kasabay nito, halos doble ang halaga na binayarang utang ng rehimen Marcos. Mula Enero hanggang Mayo, nagbayad ang reaksyunaryong estado ng ₱819.526 bilyon, 98% mas mataas sa ₱414 bilyon na binayaran nito sa parehong panahon noong 2022. Lampas-lampas na ito sa sinabi ng Department of Finance na ₱611 bilyong awtomatikong alokasyon para sa bayad-utang sa pambansang badyet ng 2023.

Pinakamataas ang binayarang utang noong Pebrero sa ₱375.714 bilyon, kasunod noong Pebrero na ₱204.763 bilyon. Dahil dito, bahagyang bumaba ang gross international reserves (GIR) ng bansa tungong \$98.2 bilyon noong Pebrero. Para sa buong taon, nasa ₱1.6 trilyon ang kailangang bayaran ng Pilipinas na utang. Ito na ang pinakamataas sa kasaysayan ng bansa.

Ang bayad-utang sa unang limang buwan pa lamang ay mas mataas nang 18% sa badyet ng Department of Education na ₱667.18 bilyon para sa buong taon. Mas mataas ito nang 37% sa pinagsamang badyet ng Department of Health na ₱320 bilyon at ng Department of Social Welfare and Development na ₱197 bilyon. Ang target na

bayad-utang para sa buong taon (P1.6 trilyon) ay 26% na mas mataas kumpara sa pinagsamang alokasyon sa nabanggit na mga kagawaran.

Gayundin, malayong mas mataas ang pambayad sa utang kumpara sa tatlong mayor na pautang ng World Bank sa Pilipinas na may pinasamang halagang P1.14 bilyon o P62.7 bilyon (sa palitang \$1=P55). Ang mga utang na ito ay dagdag sa babayaran ng mamamayang Pilipino sa susunod na 25 taon. Alinsunod sa kasalukuyang tantos ng interes sa pautang, di bababa sa 7% ang nakapatong na interes sa mga ito.

Awtomatiko ang paglalaan ng pondo para pambayad ng utang sa bisa ng Presidential Decree 1177 o Automatic Appropriations Law na ipinasa noong 1977 sa ilalim ng diktadurang Marcos. Hindi ito dumadaan sa deliberasyon sa Kongreso at Senado tulad ng lahat ng ibang pinaglalaanan sa pambansang badyet.

Lalamove drivers, nagstrike

Hulyo 24, 2023

Tinatayang 7,000 drayber at rider (mga nagdedeliber na nakamotorsiklo o bisikleta) ng Lalamove ang lalahok sa “strike booking” o hindi pagtanggap ng trabahong delibero ngayong araw, kasabay ng ikalawang State of the Nation Address ni Ferdinand Marcos Jr. Layon nilang iprotesta ang hindi makataong pamamalakad ng kumpanya at igiit ang kanilang panawagan para sa makatarungang kundisyon sa paggawa.

Ayon sa Lalamove Driver's Association (LDA), mayorya ng lalahok sa pagkilos ay magmumula sa Metro Manila. Lalahok din ang ilang mga drayber na galing sa Batangas, Quezon, Laguna, Cebu, at Davao.

Binanggit ni Mon Paleracio, presidente ng LDA, halos ₱500 lamang ang naiuwi nilang mga drayber kahit pa umabot sila ng halos kalahating araw ng pagtatrabaho. Kulang na kulang ito para sa pagpapanatili ng maayos na kundisyon, pagpapaayos, at insurance ng kanilang ginagamit na mga sasakyan. Wala rin silang "base rate" o minimum na bayad di tulad ng ibang mga katulad na serbisyo.

Ilan pa sa inirereklamo nila ang kawalan ng insentibo at proteksyon sa mga pekeng users at scammers. Posible silang masuspinde kung nakatatanggap ng paulit-ulit na pagkakansela ng booking. Dagdag rito ang iba pang mga bayarin katulad ng pagpapa-upa ng mga thermal bag na nilalagay sa kanilang mga motor para paglagyan ng mga produkto. Pinagbabayad sila ng ₱200 kada buwan imbes na sagutin ito ng kumpanya.

Nanghingi naman ng pasensya si Paleracio sa mga kostumer at nanawagan sa iba pang mga drayber at rider ng Lalamove na suportahan ang kanilang pagkilos.

"Ang kahalagahan po ng strike na ikakasa namin ay para humingi ng pakikipagdayalogo sa Lalamove para matugunan ang mga problema. Humihingi kami ng pasensya sa ating mahal na mga kostumer na maaapektuhan ang kanilang

mga negosyo. Nanawagan kami sa lahat ng kasamahan na myembro ng Lalamove na magkaisa tayo,” ani Pelaracio.

Katutubong Mangyan, dinukot at tinortyur ng 4th IB

Hulyo 25, 2023

Dinukot, tinortyur at iligal na ikinulong ng mga sundalo ng 4th IB ang katutubong Hanunu-Mangyan na si Pedro Ambad sa Sityo Kilapnit, Barangay Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro noong Hulyo 13 sa kanyang bukid. Labis na pagdurusa ang naranasan ni Ambad na pinakawalan matapos ang 12 oras na pagpapahirap.

Sa ulat ng National Democratic Front (NDF)-Mindoro, piniringan, binusalan, at kinaladkad siya ng mga sundalo sa isang lugar bago binugbog. Sa tindi ng pambubugbog, nabali ang tadyang ni Ambad. Kasabay ng pagpapahirap, paulit-ulit siyang tinanong ng mga sundalo kung nasaan ang mga ipinatagong armas ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa kanilang lugar.

Matapos ang insidente ay hinadlangan mismo ng mga sundalo na maghabla sa barangay o makakuha ng serbisyong medikal ang biktima. Pinalabas pa ng mga sundalo na mga Pulang mandirigma ng BHB ang nambugbog sa biktima at hindi na dapat iulat pa sa lokal na pamahalaan.

Ang pananakit at pisikal na atake ng mga sundalo sa mga sibilyan ay tahasang paglapastangan sa

mga internasyunal na makataong batas, mga batas ng digma at iba pang internasyunal na deklarasyon na nagbibigay ng proteksyon sa mga sibilyan at di-kombatant saan man may armadong sigalot.

Ilang araw matapos ang insidente, iligal na pinasok ang bahay at pinagtangkaang dukutin ng mga sundalo si Admiraw Ambad noong Hulyo 16. Dulot ng insidente, lumikas ang hindi bababa sa limang pamilya sa kanilang komunidad. Naapektuhan ng atake ang kabuhayan ng mga residente at maging ang pag-aaral ng mga bata.

Samantala noong Mayo 23, apat na katutubong Buhid mula sa Barangay Manoot, Rizal, Occidental Mindoro ang hinuli sa tsekpoyn, iligal na inaresto at sapilitang dinala sa kampo ng 68th IB. Habang nasa kampo, isinailalim ang mga katutubo sa iligal na interogasyon at toryur. Kinabukasan, isinama sila sa operasyon sa Barangay Manoot upang diumano ay hulihin ang mga “Pulang mandirigma ng BHB.” Sa naturang operasyon, nanghuli at nambugbog ang mga sundalo ng mga sibilyan.

Ayon sa NDF-Mindoro, “ipinakikita ng mga insidenteng ito ng karahasan at paglabag sa karapatang pantao ang desperasyon ng 203rd Bde at PNP MIMAROPA sa kanilang programa sa kontra-insurhensya na ang karaniwang biktima ay mga sibilyan.”

Sa tala ng Ang Bayan, hindi bababa sa 46 ang bilang ng mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa isla sa ilalim ng unang taon sa poder ng rehimeng Marcos Jr.

Ipinagbabawal sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions ang anumang hakbang na magresulta sa pagdurusang pisikal o pagpuksa sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon nito. Anito "...hindi lamang ito aplikable sa pagpatay, tortyur, pananakit, mutilation (pagputol sa anumang bahagi ng katawan) ...kundi maging sa iba pang pamamaraan ng brutalidad, gawa man ng ahenteng sibilyan o militar."

Labag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Nasamsam ng militar na armas ng BHB sa Negros Occidental, palabas ng 79th IB

Hulyo 25, 2023

Pinasinungalingan ni Ka Cecil Estrella, tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Northern Negros, noong Hulyo 23 ang pinalalabas ng 79th IB na nakasamsam ito ng mga kagamitang militar ng BHB sa Sityo Bandol, Barangay Maaslob sa Calatrava, Negros Occidental.

Ayon sa pahayag ng 79th IB, nakakuha ito ng ripleng M14 at mga magasin at bala, mga magasin ng M16, at iba pang mga kagamitang militar at dokumento noong Hulyo 8. Ang mga ito, anang militar, ay "inimbak ng natitirang mandirigma ng patay nang larangang gerilya sa Northern Negros."

Binatikos ni Estrella ang naturang palabas ng militar at sinabing hindi pag-aari ng yunit ng BHB sa Northern Negros ang naturang mga kagamitan.

“Lunsay kabutigan ang nasambit nga pahayag. Wala sang yunit sang NPA sa amo nga lugar. Wala man sang armory sang armas-luthang ang NPA sa amo nga lugar,” ayon kay Estrella. (“Pawang kasinungalingan ang nasabing pahayag. Walang yunit ng BHB sa nasabing lugar. Wala ring armory ng armas pandigma sa nasabing lugar.”)

Aniya, ang gawa-gawang kwento ay pagbibigay-katwiran ng 79th IB para sa inilulunsad nitong focused military operation (FMO) at para okupahin ang naturang barangay.

Pinasinungalingan din niya ang sinasabi ng militar na galing sa impormasyon ng mga residente ang itinurong lokasyon ng imbakan ng armas.

Alam ng mamamayan ng Northern Negros ang katotohanan at katangiang pasista ng mga sundalo ng 79th IB, aniya. “Alam nila ang rekord ng AFP sa paggawa ng mga kwento, pagtatanim ng ebidensya at paninisi sa BHB sa mga aksyong sila naman ang gumawa.”

Sa tala ng Ang Bayan, mayroong 22 kaso ng paglabag sa karapatang-tao ang 79th IB sa unang taon sa poder ng rehimeng Marcos Jr. Ang batalyon ay pinamumunuan ni Lt. Col. Arnel Calaoagan at nakabase sa Barangay Bato, Sagay City, Negros Occidental.

64 milyong Pilipino, pinagkaitan ng serbisyong telekomunikasyon dulot ng SIM Card Registration Law

Hulyo 26, 2023

Nagsagawa kanina ng protesta ang Junk SIM Registration Network sa harap ng Department of Information and Communications Technology para tutulan ang malawakang deactivation ng mga di rehistradong SIM Card ngayong araw. Panawagan nila na ibasura ang SIM Registration Law. Ang batas na ito ang pinakaunang panukala na pinirmahan ni Ferdinand Marcos Jr sa pag-upo sa Malacañang.

Nagtapos ang pagpaparehistro ng mga SIM Card kahapon, Hulyo 25. Sa datos ng DICT, nasa 60% lamang ng lahat ng aktibong SIM Card ang nairehistro. Ibig sabihin, 40% o nasa 64 milyong subscriber ang hindi na nakagagamit ng kanilang selpon at internet para sa tawag, text at lahat ng transaksyong digital, kabilang sa social media. Kapag hindi nila ito inirehistro sa susunod na limang araw, o hanggang Hulyo 31, permanente na itong ide-deactivate o puputulin (SIM Dead) ng mga kumpanya.

Ipinagpipilitan ng reaksyunaryong estado ang pwersahang pagpaparehistro ng SIM Card kahit pa pinabubulaanan ng sarili nitong datos ang epektibidad nito. Noong nakaraang linggo, ibinalita ng PNP na tumaas pa ang bilang ng mga cybercrimes sa unang hati ng taon, kumpara sa parehong panahon noong 2022 na wala pang SIM Card Registration Law.

“Hindi naman mawawala ang mga scam sa SIM Reg Law. Ilang beses na namin ito sinabi, pero mistulang nagbibingi-bingihan ang DICT sa hinaing ng mga digital security experts at advocates,” ayon kay Maded Batara, tagapangulo ng Computers Professionals Union, na isa sa mga tagapagsalita sa pagkilos.

Nagbabala naman ang grupong Kadamay laban sa pagkakait ng serbisyo laluna sa mga panahon ng sakuna. Napakalaking disbentahe ito sa mga maralita, na hindi lahat ay may selpon na Android, at sa gayon ay hirap sa pagpaparehistro.

“Ipinagmamalaki ni Marcos sa kanyang SONA ang pagkakaroon ng digitized economy sa Pilipinas. Maipapagmamalaki pa ba niya ito kahit na may 64 milyon na mai-didisenfranchise ng SIM Reg law?” pahayag ni Ardee Guerrero ng Agham Youth.

Kabi-kabilang panggigipit, naranasan ng mga estudyante

Hulyo 26, 2023

Nakaranas ng iba't ibang porma ng panggigipit at intimidasyon sa kamay ng pulis at militar sa kanilang mga paaralan ang mga estudyante mula sa iba't ibang unibersidad nitong nagdaang mga linggo.

Sa Pampanga, sapilitang pinahinto ang isang pagsasanay ng pamamahayag na inilunsad ng lokal na balangay ng College Editors Guild of the Philippines (CEGP)-Central Luzon at Altermidya nang may dalawang nakasibilyang sundalo ang

tumungo sa mismong benyu ng kanilang pagtitipon noong Hulyo 22.

Tinangka pang kausapin ng nagpakilalang mga sundalo ang namamahala sa benyu upang alamin kung sinu-sino ang kalahok at nagpaalam na kukuhanan ng litrato ang aktibidad. Ipinakita rin nila ang litrato ni Kleng Mendiola na coordinator ng CEGP-CL na kanilang hinahanap. Nagbanta na lamang silang susundan ang mga kalahok nang hindi pinayagan ng namamahala sa benyu.

“Mariing kinukundena ng CEGP-CL ang lantarang panggigipit sa mga kabataang nakilahok sa talakayan. Isa itong pagtatangkang busalan at takutin ang mga kabataang nais tahakin ang landas ng militanteng pamamahayag,” pahayag ng grupo.

Ilang estudyante naman ng kursong Development Studies sa University of the Philippines sa kampus ng Maynila ang napilitang ihinto ang isinasagawa nilang isang buwang integrasyon sa komunidad ng Barangay Silongin, San Francisco sa prubinsya ng Quezon noong Hulyo 13. Ito ay matapos tinarget sila ng intimidasyon at sarbeylans ng mga sundalo ng 85th IB kahit na mayroon silang mga dokumento at permiso mula sa lokal na gubyrno.

Sa ikaapat na araw ng pananatili upang aralin ang kalagayan ng komunidad, pinuntahan sila ng mga sundalo para i-profile. “Nagtanong (sila) kung sinu-sino kami, kailan kami dumating, hanggang kailan kami rito, at anu-ano pa ang aming mga ginagawa,” kwento ng mga estudyante.

Pilit din silang kinunan ng litrato pero hindi sila pumayag. Pumunta sila sa barangay hall para ipa-blotter ang insidente pero nagresulta lamang ito ng mas madalas pang pagdalaw ng mga sundalo. Dahil dito, napagpasyahan na lamang nilang lumisan at maghanap ng ibang paraan para matapos ang rekisito sa kanilang kurso.

“Hindi terorismo ang pag-aaral ng lipunan, pagtindig sa karapatan, at pagbibigay-tulong sa mga komunidad. Bagkus, ito ay tungkulin ng mga tunay na iskolar ng bayan,” anang mga estudyante.

Sa Maynila, halos 10 pulis ang nagsubok na pumigil sa protesta ng mga estudyante ng University of the East noong Hulyo 21 sa harap mismo ng kanilang pamantasan para tutulan ang nakaambang 9.5% na pagtaas sa kanilang matrikula. Inagaw sa kanila ang megaphone pero ipinagpatuloy pa rin ng mga estudyante ang kanilang programa.

“Mga kapulisan, hindi dapat kami binabantayan ninyo! Binabantayan ninyo dapat ang mga buwayang pinagkakakitaan lang ang kabataan ng UE!” sigaw nila.

Mga detenidong pulitikal sa Negros at Metro Manila, nag-ayuno bilang protesta kasabay ng SONA ni Marcos Jr

Hulyo 26, 2023

Mahigit 100 detenidong pulitikal sa isla ng Negros at 29 sa Bicutan sa Metro Manila ang naglunsad

ng 24-oras na pag-ayuno bilang protesta sa SONA ni Ferdinand Marcos Jr. Sa tinaguriang protestang 24/24, iginiit nila ang pagtigil sa ekstra-hudisyal na mga pamamaslang ng militar at iba pang pwersa ng estado sa mga aktibista at sibilyan sa nagan ng kampanyang ng kontra-insurhensya.

Panawagan ng mga detenido sa Negros ang kagyat na pagpapalaya sa siyam na matanda at maysakit nilang kasama, kaalinsunod sa writ of kalayaan na nakasampa sa Korte Suprema na pumapatungkol sa pagpapaluwag ng sobrang siksikang mga kulungan sa bansa. Kabilang sa kanila ang 66-anyos na si Epifanio Romano, 65-anyos na si Diosdado Caballero, 63-anyos na sina Sidwin Gordoncillo at Azucena Garubat, 61-anyos na sina Corazon Javier, at ang 60-anyos na sina Nilda Bertolano, Andres Pasyonela, at Abraham Villanueva, gayundin si Lindy Perocho.

Sa 778 detenidong pulitikal sa bansa, halos 20% o 139 ay nasa isla.

“Ang mabilis na pagdami ng mga nakakulong na aktibista at mga karaniwang indibidwal sa Negros at iba pang bahagi ng bansa ay ibinunga ng walang puknat na paglabag sa mga karapatang pantao at lansakang pag-atake sa mga karapatang sibil kung saan inilulunsad ang nakapokus na mga operasyon ng pinagsamang mga tropa at ahensyang sibil sa pamumuno ng NTF-Elcac,” ayon naman sa mga bilanggong pulitikal sa Camp Bagong Diwa sa Bicutan, na nag-ayuno bilang pakikiisa sa mga detenido sa Negros.

“Ang kalagayan ng mga bilanggong pulitikal sa Negros ay di naiiba sa aming kalagayan,” anila. “Nais din naming tutulan ang kaliwa’t-kanang paggamit ng mga batas pangunahin na ang Anti-Terrorism Act of 2020, ang nilikha nitong Anti-Terrorism Council, at nitong huli, ang Executive Order No. 33 ng gobyernong Marcos Jr. noong Hulyo 4, 2023 na naglakip ng “counter proliferation financing” sa National Anti-Money Laundering and Countering Financing Terrorism Strategy.”

Kabilang sa mga nakakulong sa Bicutan sina Ernesto Jude Rimando, Frank Fernandez, Rene Atadero, Rey Casambre, Mark Ryan Cruz, Joel Demate, Vicente Ladlad, Edisel Legaspi, Maoj Maga, Juan Alexander Reyes at Adelberto Silva.

Patakaran sa mga migrante, kabaliktaran sa nakasaad sa SONA ni Marcos

Hulyo 26, 2023

Binatikos ng grupong Migrante ang mga pahayag ni Ferdinand Marcos Jr na patakaran ng kanyang rehimen kaugnay sa mga migranteng Pilipino.

“Kabaligtaran at hindi sinsero ang pahayag na gagawing option at hindi sapilitan ang paglabas ng bansa ng ating mga kababayan upang maghanapbuhay kung aktibong nakikipag-usap sa ibat ibang mga bansa at pumipirma ng mga kasunduan para mag deploy ng mas marami pang mga Pilipino na maging kontraktwal na manggagawa. Nakatuon pa ang edukasyon at

pagsasanay sa pagsilbi sa interes ng mga dayuhan,” reaksyon ng grupo sa pangalawang SONA ni Ferdinand Marcos Jr.

Nitong nakaraang mga buwan, aktibong nilako ng Department of Migrant Workers ang mga manggagawang Pilipino sa Singapore, Austria, at sa prubinsya ng Alberta sa Canada. Katunayan, pinuri niya sa kanyang talumpati ang nabuong mga baylateral na mga kasunduan sa pagitan ng Pilipinas at naturang mga bansa.

Mahigit apat na dekada na ang labor export program ng Pilipinas pero hanggang ngayon ay wala pa ring mabuong kongkreto at epektibong mga hakbang at plano ang reaksyunaryong estado para protektahan at itaguyod ang karapatan ng mga OFW. Kabilang sa mga ito ang libu-libong migrante na sinisante sa Saudi Arabia, noon pang 2015 pero hanggang ngayon ay hindi pa nakatatanggap ng pinaghirapan nilang sahod at benepisyo. Limang taon na silang naghihintay para singilin ito ng gubyrerno ng Pilipinas sa kanilang mga employer sa Saudi Arabia, pero hanggang ngayon ay wala pa rin silang natatamasa. Ayon sa DMW, wala itong magagawa dahil ipinaubaya ng gubyrerno ang “internal na mga proseso” ng Saudi Arabia.

Binatikos din ng grupo ang pakanang huthutan ng dagdag na mga singil ang mga migrante sa ngalan ng “digitalization” ng pagkuha ng Overseas Employment Certificate (OEC) o OFW Pass sa balangkas ng “pagpapahusay ng efficiency” ng estado. “Hindi lumalayo ang posibilidad na gagamitin ito para sa pangungulekta ng mga

sapilitang bayarin tulad ng Philhealth, SSS at iba pa na matagal ng tinututulan ng ating mga OFWs,” anito.

Ang OEC/OFW Pass ay isang dokumento na kailangang kunin at bayaran ng lahat ng OFW bago sila makalipad tungo sa ibang bansa. Malaon nang panawagan ng Migrante ang pagbabasura rito dahil dagdag lamang ito sa binabayaran sa kanila. Anila, dapat sapat nang patunay ang beripikadong mga kontrata at working visa na nakatatak sa kanilang mga pasaporte na ang isang OFW ay lehitimong manggagawa.

Binatikos rin ng grupo ang pananahimik ni Marcos sa kapakanan ng mga marino na patuloy na nakikipaglaban para sa trabaho, katiyakan at kaligtasan sa trabaho, mas mataas na sahod at dagdag na benepisyo.

Close to 100,000 Filipino fall victim to human rights violations in Marcos first year

Hulyo 27, 2023

Marcos closed his first year in office with almost 100,000 victims of human rights violations, ranging from extrajudicial killings to threats and intimidation.

This was the content of Ang Bayan’s Special Report, published on the CPP website last July 24, the same day that Ferdinand Marcos Jr delivered his second State of the Nation Address. This

number does not include extrajudicial killings committed under the bogus war against drugs.

“There has been no change in form and substance of Ferdinand Marcos Jr’s campaign of suppression from those of his predecessors,” the report declared. It said Marcos’ first year was marked by “unabated counterinsurgency war in the countryside, taking the form of focused military operations, barrio occupations, bombings and forced civilian ‘surrenders’.”

“In fact, Marcos intensified the AFP’s rampage by declaring its intention to “decimate” what it claims are “remnants” of the revolutionary movement in the country.”

Using data from reports submitted by units of the people’s army and people’s organizations, AB was able to record 94,448 victims of human rights violations in 954 separate cases. This translates to two victims per day from June 30, 2022 to June 30 this year. Incidents were highest last October 2022 with the AB logging 117 cases.

According to the report, the Marcos regime committed numerous and repeated human rights violations in all regions across the country:

- 103 people were extrajudicially killed, at the rate of 9 people murdered each month in the past 12 months, mainly during the course of its brutal anti-people counterinsurgency campaign
- 95 people were tortured
- 97 were abducted with some surfaced as prisoners, others as killed-in-action in fake encounters
- 88 were physically

assaulted, some resulting in serious injuries • 202 were illegally arrested and detained • 1,405 suffered coercion • 45,266 victims of forced evacuation and dislocation • 26,240 victims of threats, harassment and intimidation

Comparing records from various regions, AB was able to record the most number of cases in the Negros Island, followed by Southern Tagalog and Bicol. It should be noted, however, that the report is incomplete as numerous fronts have not been able to submit their data due to intense AFP combat operations.

Ang Bayan is the CPP's official newspaper. The full report is available here. (CPP Information Bureau)

Ikalawang kongreso ng Christians for National Liberation-Negros, inilunsad

Hulyo 27, 2023

Nagtipun-tipon ang mga rebolusyonaryong lider ng simbahan, mga pari, pastor, mga relihiyosong lalaki at babae at mga laykong taong-simbahan sa isla ng Negros kamakailan para sa ikalawang kongreso ng Christians for National Liberation (CNL)-Negros. Binuo ng kongreso ang taktikal na plano ng CNL sa rehiyon at naghahalal ng panrehiyong konseho at mga upisyal. Inihalal ng CNL-Negros si Ericson Buglas bilang tagapangulo.

Ipinagbunyi nila ang matagumpay na pagtitipon, na ginanap “sa harap ng mapanlinlang na iskema

at kontra-rebolusyonaryong opensiba ng rehimeng US-Marcos Jr.”

Ayon kay Buglas, napagtibay ang pagkakaisa ng mga delegado ng kongreso sa pag-aaral ng pambansa at panrehiyong panlipunang sitwasyon at pagtatalakay sa mga naging kaisahan at Limang Puntong Programa ng CNL na nabuo noong Setyembre 2022 sa ika-9 nitong Pambansang Kongreso.

Nilaman ng pambansang programa ng CNL ang:
1. Konsolidahin at palawakin ang ating hanay; 2. Lumahok at suportahan ang armadong pakikibaka; 3. Lumahok sa anti-pasista, anti-pyudal na kilusang masa at parlamentaryong pakikibaka; at itulak ang negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng Government of the Republic of the Philippines (GRP) at NDFP; 4. Himukin ang pamunuan ng institusyunal na simbahan para suportahan ang pambansa demokratikong rebolusyon at talikuran ang pagsuporta sa mga reaksyunaryo; at 5. Pakilusin ang internasyunal na network para suportahan ang pambansa demokratikong rebolusyon.

Nagtapos ang naturang kongreso sa pagkilala at pagbibigay-pugay ng CNL-Negros sa mga martir ng rebolusyonaryong kilusan na nag-alay ng kanilang buhay at dugo para sa pagsusulong pambansang pagpapalaya sa pamamagitan ng rebolusyonaryong liturhiya.

Matatandaang noong Enero 19, iniulat ng CNL-Negros ang pagdaraos ng isang kumperensya ng mga kasapi nito. Dumalo sa sikretong pagtitipon

ang mga rebolusyonaryong Kristyano mula sa iba't ibang simbahan, denominasyon, kongregasyon at institusyon sa isla.

Ang CNL ay isang lihim na organisasyon na kumakatawan sa mga rebolusyonaryong taong-simbahan sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Itinatag ito noong Agosto 1972.

Aktibistang pamilyang de la Cerna, nakalaya matapos magpyansa

Hulyo 28, 2023

Nakalaya ngayong araw, Hulyo 28, ang pamilyang de la Cerna matapos ang lampas tatlong taong di makatarungang detensyon matapos magpyansa ng P600,000. Nakalaya sina Karina de la Cerna, at ang kanyang mga magulang na Albert at Ma. Pilar Dela Cerna, isang pamilyang organisador ng mga magsasaka sa Negros.

Ang pamilya ay inaresto sa Bacolod City noong Oktubre 31, 2019 kasama ang 54 na iba pang aktibista at mga lider-masa batay sa itinanim na ebidensya noong Oktubre 31, 2019. Noong 2021, ibinasura ng korte ang search warrant na ginamit para kasuhan ng illegal possession of firearms sina Karina, kanyang ama, kasama ang apat pa. Gayunpaman, hindi nakalaya si Karina, kasama ang kanyang mga magulang, dahil sa pagsampa sa kanila ng gawa-gawang kaso ng human trafficking. Noong Mayo 31, kinatigan ng korte ang petisyon ng pamilya para makapagpyansa.

Si Karina ay national deputy secretary general ng National Network of Agrarian Reform Advocates (NNARA)-Youth at pinakabatang detenidong pulitikal sa Negros. Ang mga magulang ay parehong aktibo sa pagdepensa sa karapatan ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa Negros.

“(I)pinaabot namin ang aming taus-pusong pasasalamat sa lahat ng mga indibidwal at organisasyon na sumuporta sa kampanyang Free Karina! Free the de la Cerna Family!” pahayag ng NNNARA-Yputh ngayong araw. Panawagan nila ang tuluyang pagbabasura sa lahat ng gawa-gawang kaso na isinampa sa pamilya, at ang pagpapalaya sa lahat ng mga bilanggong pulitikal na di makatarungang ikinulong ng estado.

Inilinaw ng grupo na kahit nakalaya na ang pamilya, hindi sila ligtas sa patuloy na panggigipit at karahasan ng estado. Paglabas pa lamang nila sa kulugan, agad nang nagtalaga ang estado ng mga ahente para ipailalim sila sa sarbeylans, ayon sa grupo. “Patunay ito na gagawin ng lahat ng estado para patahimikin ang mga kritiko nito, at ang mga organisador ng magsasaka sa buong bansa.”

Kaso laban kay Nasino at 2 pa, tuluyan nang ibinasura

Hulyo 28, 2023

Ibinasura ng korte sa Maynila ang gawa-gawang kasong illegal possession of firearms and explosives ang kaso laban kay Reina Mae Nasino,

Ram Bautista at Alma Moran, kilala bilang Tondo 3. Sa gayon, hinatulan silang hindi nagkasala sa lahat ng mga akusasyon sa kanila. Ang desisyon ay sinulat noong Hulyo 17 at isinapubliko kahapon, Hulyo 27.

Alinsunod sa desisyon, nakita ng korte ang mga “hindi maipagkakamaling nagbabanggaang salaysay ng mga saksi” sa kung mayroon nga talagang natagpuang mga baril na may bala at pasabog sa mga kwarto ng mga akusado. Sa gayon, pinanigan ng korte ang isinampa ng mga abugado ng Tondo 3 na “demurrer of evidence” kung saan ipinawalangsaysay ang ginamit na mga ebidensya ng prosekusyon. Ang pagkatig sa demurrer of evidence ay nangangahulugan din ng hatol na walang sala sa mga kasong isinampa.

Halos apat na taong ikinulong ang tatlo sa gawa-gawang mga kaso. Sa panahong ito, ipinanganaki ni Nasino si Baby River na kagyat ding ihiniwalay sa kanya. Ilang buwan matapos nito, namatay ang sanggol. Pinayagan si Nasino na makapunta sa burol ng kanyang anak pero todo-gwardyado na parang kriminal. Pansamantalang nakalaya ang tatlo noong Disyembre 22, 2022 matapos magbayad ng pyansang P282,000.

Ipinagbunyi ng Tondo 3, kasama ng kanilang abugadong si Maria Sol Taule, ang tuluyang pagbabasura ng gawa-gawang mga kaso. Nanawagan sila na itigil na ang pagsasampa ng gayong mga kaso sa mga aktbista.

Libu-libo, naprotesta sa ikalawang SONA ni Marcos Jr

Hulyo 28, 2023

Nagprotesta sa lansangan ang humigit-kumulang 12,000 sa buong bansa para batikusin ang rehimeng Marcos Jr sa ikalawang State of the Nation Address (SONA) noong Hulyo 24. Taun-taong inilulunsad ng mga progresibong organisasyon, sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), ang tinatawag nitong “SONA ng Bayan” para ilahad ang tunay na kalagayan ng sambayanang Pilipino sa nagdaang taon.

Sa Quezon City, tinatayang humigit-kumulang 10,000 ang mga lumahok sa isinagawang kilos-protesta sa Commonwealth Avenue malapit sa Batasan Pambansa simula umaga hanggang tanghali. Lumahok sa pagkilos ang iba’t ibang mga grupong kaanib at kaibigan ng Bayan. Nagkakaisang sigaw nila: “Dagdag “Dagdag na sahod, kabuhayan, at pagkain sa mesa! Itigil ang karahasan! Kapakanan ng masa, hindi Maharlika!”

Nakiisa sa pagkilos ang delegasyon ng mga progresibong grupo mula sa Central Luzon, Southern Tagalog at iba pang mga kalapit na rehiyon sa pambansang kabisera.

Bago nagtitipun-tipon sa Commonwealth Avenue, naglunsad din ng magkahiwalay na mga aktibidad ang mga grupo sa araw na iyon. Kabilang dito ang “zumba protest” ng mga guro at porum ng United

Labor kaugnay ng panawagan ng mga maggagawa para sa dagdag sahod sa Quezon Memorial Circle.

Sa ibang panig ng bansa, nagkaroon ng mga protesta sa mga syudad ng Baguio, Naga, Iloilo, Roxas, Cebu, Tacloban, at Davao, at sa Aklan at Capiz sa Panay.

Sa Baguio City, nagmartsa ang mga demokratikong grupo sa kahabaan ng Session Road. Pangunahin nilang iginiit ang pagbabasura sa Anti-Terrosim Law na ginamit para arbitraryong pangalanang “terrorista” ang mga lider ng Cordillera People’s Alliance sa resolusyon ng estado noong Hunyo. Anang mga grupo, paglapastangan ito sa kanilang karapatang-tao.

Sa Naga City, nagtipon ang mga progresibong organisasyon mula sa mga prubinsya ng Bicol para sa SONA ng Bayan. Nagmartsa sila mula sa Panganiban Drive tungong Plaza Quezon sa naturang syudad. Itinampok ng mga raliyista ang mga isyung kinakaharap ng mga Bikolano kaugnay ng kagutuman, implasyon at patuloy na militarisasyon sa kanilang mga komunidad. Binatikos din ng mga magsasaka ang bulok at palpak na mga patakaran sa agrikultura ng rehimen.

Sa Cebu City, higit 600 indibidwal ang lumahok sa protesta sa Metro Colon. Bago nagtungo at nagsama-sama dito, naglunsad ng hiwa-hiwalay na programa ang magkakaibang grupo sa Plaza Independencia, Freedom Park, Gaisano Capital, at sa harap ng upisina ng SSS. Pangunahing sigaw ng mga grupo: “Sulbaron ang krisis sa

kapanginabuhian, katungod ug kaugalingnan!
(Lutasin ang krisis sa kabuhayan, karapatan at soberanya!”

Sa Ilo-ilo City at Bacolod City, kasabay ng inilunsad na protesta ng mga grupo, nagtigil-pasada ang mga drayber at opereytor ng dyip. Binatikos nila ang pagpapatupad ng jeepney phaseout sa pamamagitan ng “konsolidasyon ng prangkisa” o pagbabawal sa indibidwal na mga prangkisa ng mga drayber na ipinataw ng lokal na gubyerno. Tinatayang 700 drayber ng dyip ang lumahok sa Bacolod City sa tigil-pasada. Iginiit din ng mga grupo sa lokal na gubyerno ng Bacolod ang pagpapahinto sa pribatisasyon ng Central Negros Electric Cooperative Inc. o CENECO.

Sa Tacloban City, nagprotesta ang mga grupo ng kabataan sa RTR Plaza, Freedom Park. Samantala sa Davao City, nagtipun-tipon ang mga grupo sa Freedom Park sa Roxas Avenue.

Samantala, nagsagawa din ng mga aktibidad at protesta ang mga progresibong organisasyon at migranteng Pilipino sa ibayong dagat. Itinampok ang kalagayan ng mga migrante sa mga isinagawang pagtitipon sa Boston, Oregon, Chicago, San Francisco, Los Angeles, Seattle, New York at Washington D.C. sa US; sa Vancouver, Ottawa, Toronto, Alberta, Winnipeg at Montreal sa Canada; Hong Kong, Japan, South Korea, Thailand, New Zealand at Australia.

Marcos holds peace in contempt

Hulyo 28, 2023

Throughout its first year in office, the US-Marcos Jr regime has made clear its blatant contempt for peace negotiations with the National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

According to a special report published by Ang Bayan last July 24, the regime killed five NDFP peace consultants, forcibly disappeared one and illegally detained two others during this time. At least 15 other peace consultants remain in jail. The killings and incarceration violate the Joint Agreement on Security and Immunity Guarantees (JASIG) which provide protections to peace consultants and other staff members of negotiating panels.

Among those brutally killed by the regime and its henchmen in the AFP are Benito and Wilma Tiamzon, who directly took part in the 2016 peace negotiations under the Duterte regime. Along with eight others, they were “captured, tortured and killed in coldblood” before their cadavers were towed to the sea to be blown up in a fake water interdiction encounter. The Tiamzons held key positions in the Communist Party of the Philippines and the New People’s Army.

Three others consultants, all from the Visayas provinces, were likewise killed in coldblood, namely Ericson Acosta, Rogelio Posadas and Manuel Tinio.

In Mindanao, peace consultant Ariel Badiang was reported abducted in Manolo Fortich, Bukidnon last February and remains missing to this day.

Two other consultants, Ruben Saluta and Eric Casilao, were unjustly arrested and are currently held in separate jails in Mindanao. Saluta, who was also a participant in the 2016 peace negotiations, is detained with wife, Prestentacion. (CPP Information Bureau)

Mga Moro, nanawagang pauwiin na sila sa Marawi City

Hulyo 28, 2023

Taliwas sa ipinagmayabang ni Ferdinand Marcos Jr na “bumabangon na ang Marawi” sa kanyang State of the Nation Address, maraming residente ang hindi pa rin pinapayagang makabalik sa lugar.

Dapat payagan na ang mga residente ng Marawi na makauwi nang walang sagabal sa syudad, ayon kay Drieza Lininding, pangulo ng Moro Consensus Group. Matapos ang anim na taon, nagsisimula pa lamang ang reaksyunaryong estado sa pagproseso para mabigyan ng kumpensasyon ang namatayan ng mga kamag-anak at nasiraan ng mga ari-arian dulot ng walang habas na pambobomba ng AFP noong 2017.

“May 24 barangay pa rin na hindi pwedeng pasukin ng mga residente,” ayon kay Lininding. “Kontrolado pa rin ng mga sundalo ang paglabas-masok nila sa mga lugar na ito.”

Ang 24 barangay na ito ang tinaguriang “Ground Zero” at pinakadurog na bahagi ng syudad. Ito rin ang lugar na sinimulang tayuan ng kampo militar ng US at AFP.

Ayon sa ahensyang namamahala sa rehabilitasyon ng syudad, mayroon nang 3,462 aplikante para magtayo muli ng kanilang mga bahay at gusali sa Ground Zero. Sa mga ito, 1,786 pa lamang ang nabigyan ng permit. Gayunpaman, tiyak na hindi lahat maitatayo ang kani-kanilang tirahan at kabuhayan dahil kulang na kulang ang ₱1 bilyong inilaang badyet para sa kumpensasyon.

Sugatang Pulang mandirigma, isa pang sibilyan, pinaslang ng 62nd IB

Hulyo 28, 2023

Labag sa internasyunal na makataong batas at mga alituntunin sa makatao at sibilisadong digma, walang-awang pinatay ng mga sundalo ng 62nd IB ang sugatang Pulang mandirigma na si Marvic Ebarle (Ka Bryan), at sibilyang si Romy Catasio sa Sityo Balunggay, Barangay Montilla, Moises Padilla, Negros Occidental noong Hulyo 20.

Pinasinungalingan ni Ka JB Regalado, tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros, sa isang pahayag kahapon ang pinalalabas ng 62nd IB na sa isang engkwentro napatay sina Ebarle at Catasio.

Paliwanag ni Regalado, si Ebarle ay naka-medical leave dahil sa kanyang mga sugat sa tuhod matapos ang kontra-opensiba ng BHB-Central Negros laban sa 62nd IB noong Hunyo 13 sa Sityo Cupad, Barangay Macagahay, Moises Padilla. Aniya, si Ebarle ay inaalagaan ng sibilyang si Catasio na residente ng Sityo Inarawis, Barangay Quintin Remo.

Sa imbestigasyon ng yunit ng BHB, napag-alaman nitong pinagbabaril ng mga sundalong sakay ng isang gray na van ang dalawa habang naghihintay ng masasakyang motor. “Si Ebarle at Catasio ay mga biktima ng patakaran ng estado na ‘walang dadakping buhay na Pulang mandirigma,’ lubhang taliwas sa ibinabandilang programang pekeng amnestisya ng rehimeng Marcos Jr,” ayon kay Regalado.

Sa ilalim ng internasyunal na makataong batas, may karapatan si Ebarle na magpagamot o gamutin ng kalabang pwersa kung nahuli. Malalang paglabag sa mga tuntunin ang pagpatay sa kanya at ng sibilyan niyang kasama.

Ipinagbabawal sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions ang anumang hakbang na magresulta sa pagdurusang pisikal o pagpuksa sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon nito. Anito “...hindi lamang ito aplikable sa pagpatay, tortyur, pananakit, mutilation (pagputol sa anumang bahagi ng katawan) ...kundi maging sa iba pang pamamaraan ng brutalidad, gawa man ng ahenteng sibilyan o militar.”

Labag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Guberno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr, hindi bababa sa 44 ang bilang ng biktima ng pampulitikang pamamaslang sa isla ng Negros.

Alok na amnestiya ni Marcos Jr, tinanggihan ng BHB sa Southern Tagalog

Hulyo 29, 2023

Tahasang binalewala at tinanggihan ng panrehiyong kumand ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Southern Tagalog and alok na amnestiya ni Ferdinand Marcos Jr na inilatag niya sa ikalawang State of the Nation Address (SONA) noong Hulyo 24. Ayon sa yunit, “Walang kasapi ng BHB-ST na tatanggap sa alok na amnestiya at titigil sa pagrerebolusyon.”

Giit ni Ka Armando Cienfuego, tagapagsalita ng BHB sa rehiyon, mahigpit ang hawak ng mga mandirigma nito sa disiplinang bakal ng hukbong bayan at marubdob na naniniwala sa kawastuhan ng rebolusyon. Handa umanong ilaan ng mga Pulang mandirigma sa rehiyon ang buhay sa malawak na hanay ng mamamayan at hindi sa kapritso ng iilang naghaharing-uri. “Handa silang magsakripisyo, buhay man ay ialay upang isulong ang digmang bayan hanggang tagumpay,” paliwanag pa ni Cienfuego.

[20230731_Inside_Alok-na-amnestiya-ni-Marcos-Jr-tinanggihan-ng-BHB-sa-Southern-Tagalog-scaled]

Sa SONA ni Marcos Jr, sinabi nitong matapos maging “epektibo” ang pagpapatupad ng Barangay Development Program (BDP) at Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) bilang pagtugon sa ugat ng armadong tunggalian, “kukumpletuhin” ito sa

paglalabas ng proklamasyon para sa amnestiya para sa mga susuko at sumuko sa gubyrerno.

Binatikos ito ni Cienfuego at sinabing ipokrito si Marcos Jr sa pag-aalok ng amnestiya habang walang habas ang militarisasyon sa kanayunan sa tabing ng BDP at E-CLIP. Aniya, sa ilalim ng mga bogus na programang pangkaunlaran, katambal ang mga Retooled Community Support Program (RCSP) ng Armed Forces of the Philippines, walang awang tinatarget ng pinaka-brutal na tipo ng paglabag sa karapatang-tao ang mga sibilyan, mandirigmang hors de combat, laluna ang mga tukoy na kadre at yunit ng hukbong bayan.

Sa ilalim ng internasyunal na makataong batas at alituntunin ng sibilisadong digma, dapat kilalanin ang karapatan ng mga hors de combat na armadong katunggali sa mga lugar na may umiiral na armadong sigalot. Sa datos ng Ang Bayan, hindi bababa sa 105 ang bilang ng biktima ng pampulitikang pamamaslang sa nagdaang taon, kung saan 27 ang mga hors de combat na mandirigma ng BHB ang walang-pakundangang pinaslang ng armadong pwersa ni Marcos Jr.

Ayon pa kay Cienfuego, parte lamang ang “paggawad ng amnestiya” ng kampanyang pagpapasuko sa rebolusyonaryong mamamayan. “Isa itong anyo ng saywar para linlangin ang masa at bigyan ng dagdag hangin ang bigong kontra-rebolusyonaryong gera.”

Nauna nang naglabas ng pahayag ang Partido Komunista ng Pilipinas noong Hunyo 25 na tahasang tumatanggi sa alok na amnestiya. Ayon

kay Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng Partido, “higit na mas dakila ang rebolusyonaryong mithiin kumpara sa alok na amnestiya ni Marcos Jr.”

Tropa ng 62nd IB, pinatamaan ng BHB-Central Negros

Hulyo 29, 2023

Nasugatan ang isang sundalo ng 62nd IB sa operasyong haras ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros sa Barangay Sikatuna, Isabela, Negros Occidental noong Hulyo 25. Iniulat ng yunit ng BHB na pinaputukan nito ang nag-ooperasyong tropa ng 62nd IB Bravo Coy bandang alas-7:30 ng gabi.

[20230731_Inside_map_Tropa-ng-62nd-IB-pinatamaan-ng-BHB-Central-Negros-scaled]

Para pagtakpan ang kanilang kabiguan, itinago ng 62nd IB sa publiko ang kanilang kaswalti ayon sa ulat ng BHB.

“Ang aksyong militar ay kongrektong sagot sa nagpapatuloy na militarisasyon at paglabag sa karapatang-tao ng 62nd IB sa Central Negros,” ayon kay Ka JB Regalado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros.

Liban dito, nanawagan si Regalado na paigtingin ng BHB ang mga armadong opensiba sa saklaw ng larangang gerilya. “Sa lahat ng mga yunit milisya, iba pang yunit gerilya ng BHB...maglunsad ng pulitiko-miltar na opensiba laban sa kaaway,” dagdag ni Regalado.

Sa nagdaang taon sa ilalim ni Marcos Jr, hindi bababa sa 162 ang naitalang mga paglabag sa karapatang-tao ng 62nd IB, kabilang ang 9 na biktima ng pagpatay.

Comelec, nilabag ang sariling proseso sa dinayang eleksiyong 2022

Hulyo 30, 2023

Inamin noong isang araw ng mismong pinuno ng Commission on Elections (Comelec) na dumaan sa iisang “IP address” ang mahigit 20,000 resulta ng eleksyon noong Mayo 2022, na pinuna ng ilang ekspertong teknikal bilang anomalya at palatandaan ng iregularidad. Ang IP (internet protocol) address ay eksklusibong numerong ibinibigay sa mga kompyuter na nakakabit sa network katulad ng internet.

Ang gayong iregularidad ay natuklasan ng grupong TNTRio mula sa pag-aaral ng mga rekord ng transmisyong mga election return. Pinagbatayan ng grupo ang mga rekord na isinapubliko mismo ng Comelec noong lamang Mayo. Lumalabas na nanggaling sa iisang pribadong router ang election returns (ulat ng botohan) laluna sa unang mga oras ng bilangan matapos magsara ang mga presinto. Iginigiit ng grupo na sa paraang ito dinaya ang eleksiyon kung saan “nanalo” sina Ferdinand Marcos Jr at Sara Duterte.

Sa tugon ng Comelec sa TNTRio, inamin nitong gumamit ang ahensya ng iisang IP address sa 20,300 modem na may IP address na 192.168.0.2

sa isang pribadong network na binuo ng Smartmatic. Ibig sabihin, hindi diretso ang transmisyong ng election returns mula sa presinto tungo sa mga server ng Comelec. Sa halip, dumaan ito sa kontrol ng Smartmatic, taliwas sa ipinakitang proseso (tinaguriang End-to-End Transmission Path) ng Comelec sa publiko noong Marso 22, 2022. Ang pagtitiyak noon ng gayong proseso ay bahagi ng pangungumbinsi ng Comelec at Smartmatic na walang dayaang magaganap.

Ayon sa TNTrío, nilabag ng Comelec ang isinapubliko nitong proseso dahil ang pag-intercept o pagkuha ng mga election result at pagpapadaan nito sa isang pribadong network na kontrolado ng Smartmatic, isang dayuhang kumpanya.

“Itong pribadong network na kinumpirma na ngayon ni (Comelec) Chairman (George) Garcia mismo, ay binuo ng Smartmatic sa halagang P1.053 bilyon, at may kapasidad na dayain ang eleksyong 2022,” pahayag ng TNTrío. Paliwanag nito, halos imposible na magkaroon ng isang IP address ang naparadaming device dahil sadyang magkaiba ang IP address ng kada device.

Ang ibig sabihin nito ay hinarang ng Smartmatic ang mga election return mula sa mga presinto at tampered (ginalaw) kundiman iba nang mga election result ang ipinadala nito sa Comelec quick count. Maipapaliwanag nito kung bakit napakabilis ng transmisyong at may di mapasusubaliang padron ang bilang ng mga boto.

Minaliit ng TNTrío ang pangako ng Comelec na hihingin ng pagsasapubliko ng mga rekord ng transmisyón mula sa mga kumpanyang telekomunikasyon para kumpirmahin ang napakabilis na transmisyón ng election returns na naglalaman ng mahigit 20 milyong boto sa pagitan ng alas-7 at alas-8 ng gabi ng araw ng botohan.

“Hindi na ito mangyayari dahil walang maipapakita ang mga kumpanya,” anila. “Saan nanggaling ang di kapani-paniwalang 20+ milyon na botong ito? Mula sa iligal na device na may IP Address na 192.168.0.2!”

Ulat sa autopsy sa labi ni Ericson Acosta, ipinrisenta

Hulyo 30, 2023

Ipinrisenta ni Dr. Raquel Fortun sa isang press conference na ginanap kahapon, Hulyo 29, sa University of the Philippines sa Quezon City ang naging resulta sa isinagawang awtopsiya o pagsusuri sa labi ng pinaslang na organisador ng magsasaka at NDFP consultant na si Ericson Acosta at kasama niyang si Joseph Jimenez na isang lokal na lider-magsasaka.

Ayon kay Dr. Fortun: “Binaril pa kahit patay na.” Nakita sa resulta ang maraming sugat sa baga at pasa sa bandang dibdib ni Acosta na sanhi ng pagkamatay nito. Mayroon din siyang anim na tama ng baril sa harap at likod. Si Dr. Fortun ay kilala bilang isa sa nangungunang forensic pathologist ng Pilipinas. Isa siyang duktor na sumusuri sa mga labi o himaymay ng katawan ng

tao para sa pagsusuri at imbestigasyon ng mga krimen.

[20230731_Inside_Ulat-sa-autopsy-sa-labi-ni-Ericson-Acosta-ipinrisenta-scaled]

“Pati ‘yung spinal cord sa loob, may aorta doon ha, tinamaan din. But surprisingly, walang hemorrhage. So what does that mean? Hindi na siya nagbi-bleed at that time,” paliwanag pa ni Fortun. Ang kawalan ng hemorrhage o pagdurugo ay palatandaan na patay si Acosta bago pa siya binaril.

Pinaslang si Acosta at Jimenez ng pinagsanib-pwersang 94th IB at PNP sa pinalalabas na engkwentro sa Sityo Makilo, Barangay Camansi sa Kabankalan, Negros Occidental noong ika-30 ng Nobyembre noong nakaraang taon.

[20230731_Inside_Ulat-sa-autopsy-sa-labi-ni-Ericson-Acosta-ipinrisenta_2-scaled]

Sa pinal na suri ni Fortun, itinuring niyang homicide o sadyang pinatay si Acosta.

Nauna nang nagpatunay ang mga lokal na residente sa pinangyarihan ng insidente na matapos ang walang habas na pamamaril ng militar sa kubo na kanilang hinihimpilan ay buhay ang dalawa nang dinakip. Kinalaunan ay dinala sila sa malayo para patayin.

Samantala, nanawagan naman ang mga progresibong grupo ng hustisya at pagpapanagot sa mga nasa likod ng krimen. Nanawagan rin silang itigil na ang militarisasyon sa kanayunan

laluna sa isla ng Negros kung saan talamak ang paglabag sa karapatang-tao at pamamaslang.

Bakanteng mga pusisyon ng manggagawang pangkalusugan ng PGH, dapat punan

Hulyo 31, 2023

Sa pang-apat na pagkakataon, naglunsad ng “Friday protest” noong Hulyo 28 ang mga manggagawang pangkalusugan sa ilalim ng All UP Workers Union-Manila/ Philippine General Hospital para igiit sa maneydsment nito na itigil na ang pagkuha ng serbisyo ng mga pribadong kumpanya para sa ilang aspeto ng gawain sa ospital at sa halip ay punan ang bakanteng regular na mga pusisyon dito. Itinuturing ng unyon bilang isang porma ng pribatisasyon ng ospital ang pagkuha ng mga kontraktwal na manggagawa.

“Tuluy-tuloy ang malawakang iskema ng pribatisayon lalo ngayon na ang itinalagang Secretary ng DOH ay isang maka-pribatisasyon na si Ted Herbosa,” ayon sa unyon. “(D)apat nating kalampagin ang gubyrerno na itigil ang iba’t ibang porma ng pribatisasyon sa loob ng mga pampublikong ospital, punuan ang lahat ng bakanteng plantilla position at ipatupad ang libreng serbisyong pangkalusugan lalo na sa mga mahihirap.”

Dala-dala ng mga raliyista ang panawagang, “No to Understaffing, Contract of Service at Job Order!” “Serbisyong pangkalusugan, huwag gawing negosyo!”

Ayon sa grupo, ang pag-empleyo ng mga manggagawang pangkalusugan sa kaayusang kontraktwal, contract-of-service at job order ay pagkakait sa kanila ng mga benepisyo at proteksyon na naayon sa batas. Sa ngayon, mayroong 69 na manggagawang pangkalusugan na nakapailalim sa mga kontratang kontraktwal/kaswal at 228 nakapailalim sa kaayusang job order.

Dagdag pa ang mahigit 300 manggagawa na agency-hired mula sa Philcare Manpower Services para sa kanilang serbisyong janitorial. Sila rin ang gumagampan ng trabahong “porter” sa pay-patient na departamento ng ospital. Ang PGH ay nakakontrata sa pribadong kumpanyang Sodexo Philippines para sa maintenance, engineering at iba pang serbisyong teknikal.

Labis-labis na kakulangan

Sa isang panayam, sinabi ni Karen Mae Faurillo, presidente ng All UP Workers Union-Manila/PGH na dahil sa labis na kasalatan ng tauhan ng ospital, napipilitang magdoble bilang utility worker ang mga manggagawang pangkalusugan.

“Mayroong mahigit 400 pusisyon para sa mga regular na mga utility worker (UW), pero mayroon mahigit 300 lamang ang pinunan (ng gubyrno),” aniya. Dahil dito, kulang ng dalawang UW ang mga charity ward (bahagi ng ospital kung nasaan ang pinakamahihirap na pasyente).

Sa ngayon, ang nurse-to-patient ratio ng ospital ay isang nars sa bawat 18-20 pasyente, kung saan

anim sa mga pasyente ay intubated o nakakabit sa oxygen. Malayo ito sa katanggap-tanggap na ratio ng Department of Health na isang nars sa bawat 12 pasyente.

Kulang din ang bilang ng mga nars at nursing attendant, aniya. Noong 2018, sinabi nang kailangan ng 420 na regular na nursing assistant, pero hanggang ngayon, nasa 310 lamang ang inempleyo ng estado. Dahil dito, napipilitan silang magtrabaho nang lampas walong oras, o mas malala, magtrabaho ng diretsong 16 oras para punan ang kakulangan. At mas masama pa, hindi sila binabayaran ng obertarym o binibigay ng day off dahil sa dagsa ng mga pasyente.

Gawa-gawang mga kaso, isinampa laban sa aktibista sa Batangas

Hulyo 31, 2023

Limang gawa-gawang kaso ang isinampa ng mga sundalo ng 59th IB laban kay Hailey Pecayo, tagapagsalita ng grupo sa karapatang-tao na Tanggol Batangan. Ang mga kaso ay may kaugnayan sa paratang na nilabag ni Pecayo ang Anti-Terrorism Law, tangkang pagpatay, at paglabag sa internasyunal na makataong batas.

Napag-alaman lamang ni Pecayo at kanyang grupo ang lahat ng mga kasong kinakaharap niya matapos magsumite ng kontra-salaysay hinggil sa mga reklamong nauna nang isinampa laban sa kanya nina Sgt. Jean Claude Bajaro at Cpl. Ivan Neil Ogatis ng 59th IB noong Hulyo 26. Isinumite

ni Pecayo ang kontra-salaysay sa upisina ng Department of Justice sa Sta. Rosa, Laguna.

Isinampa ng dalawang sundalo ang mga kasong paglabag sa section 4(a) at 4(d) ng Anti-Terrorism Law of 2020 kung saan pilit iniuugnay si Pecayo sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan, na arbitraryo ding itinalagang mga “terroristang grupo” ng Anti-Terrorism Council sa bisa ng ATA.

“Walang katotohanan ang mga ibinabatong paratang ng 59th IB sa mga tanggol-karapatan tulad ni Pecayo,” giit ng Tanggol Batangan sa isang pahayag. Ayon naman sa Karapatan-Southern Tagalog: “Ang patuloy na pag atake sa kanya at sa iba pang tagapagtanggol ng karapatang pantao ay siyang pag-atake sa buong hanay ng mga tagapagtanggol ng karapatan at sa kanilang mga pinaglalaman.”